

DAKILANG KAPISTAHAN NI MARIA, INA NG DIYOS

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

*Pandaigdigang Araw ng Panalangin
para sa Kapayapaan*

Salmo 67:2-3, 5, 6, 8

*Kami'y iyong kaawaan,
pagpalain, Poong mahal.*



Huwebes
01 ENERO

Unang Pagbasa: Mga Bilang 6:22-27

Nagsalita si Yawe kay Moises: “Sabihin mo kay Aaron at sa Kanyang mga anak: Ganito ninyo basbasan ang mga anak ng Israel, sabihin ninyo sa kanila: Pagpalain ka nawa ni Yawe at ingatan! Pagningningin ni Yawe ang Kanyang mukha sa iyo at magmagandang-loob sa iyo.

Humarap nawa sa iyo si Yawe at bigyan ka ng kapayapaan!

Ganito nila ipapatong ang aking Pangalan sa mga anak ng Israel, at pagpapalain ko sila.”

Ikalawang Pagbasa: Galasya 4:4-7

Ebanghelyo: Lucas 2:16-21

Kaya nagmamadali silang pumunta at natagpuan nila si Maria at si Jose at ang sanggol na nakahiga sa sabsaban. Pagkakita rito, pinatotohanan nila ang pahayag na binigkas sa kanila tungkol sa batang ito. Namangha rin ang mga nakarinig sa mga sinasabi ng pastol sa kanila.

Iningatan naman ni Maria ang mga ito at pinagnilay-nilay sa kanyang puso. Umuwi ang mga pastol na niluluwalhati at pinupuri ang Diyos dahil nakita nila ang lahat ng kanilang narinig ayon sa ipinasabi sa kanila.

Pagsapit ng ikawalong araw, kailangan nang tuliin ang bata; noon siya pinangalanang Jesus, ang itinawag sa kanya ng anghel bago pa siya ipinaglihi.

DATE OF ESTABLISHMENT: 1995, St. Agnes Parish

Pagmamasisid

Ano ang ginagawa at nararamdaman mo sa natanggap na magandang balita o nangyayari sa iyong buhay?

Paghahawi

Iningatan ni Maria ang sinabi ng mga pastol, at pinagnilay-nilayan sa kanyang puso. Umuwi ang mga pastol na niluluwalhati at pinupuri ang Diyos, dahil nakita nila ang lahat ng kanilang narinig ayon sa ipinasabi sa kanila ng anghel.

Pagtatabas

Naglalaan ba tayo ng sandali upang namnamin at pagnilayan ang mga kaganapan sa ating buhay? Tulad ng mga pastol, niluluwalhati at pinupuri ba natin ang mga ito sa Diyos?

Pagsasaayos

Tulad ni Maria, tinatawag tayong tanggapin ang mga biyaya ng Diyos nang may kababaang-loob at pasasalamat. Hindi siya nag-ingay, hindi siya nagmalaki, bagkus, iningatan niya ang lahat ng ito at pinagnilay-nilay sa kanyang puso.

Ito ang anyo ng pananampalatayang tahimik ngunit malalim—isang pusong bukas sa Diyos, hindi lamang sa tuwa ng biyaya, kundi sa kahulugan nito sa kanyang buhay.

Pagdiriwang

Ama, bigyan Niyo kami ng mapagmahal na pusong tulad ng kay Inang Maria, at tulad din ng mga pastol na niluluwalhati at pinupuri Kayo sa magandang pangyayari sa aming buhay.



**BIYERNES BAGO ANG
PAGPAPAKITA NG PANGINOON**

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

*Dakilang San Basilio /
San Gregorio Nazianzeno*

Salmo 98:1, 2-3ab, 3kd-4

*Kahit saa'y namamalas,
tagumpay ng Nagliligtas.*

Unang Pagbasa: 1 Juan 2:22-28

Ebanghelyo: Juan 1:19-28

*I*to ang pagpapatunay ni Juan nang papuntahin sa kanya ng mga Judio ang ilang mga pari at Levita mula sa Jerusalem para tanungin siya: "Sino ka?" Inako niya di ipinagkaila, inako nga niyang "Hindi ako ang Kristo." At tinanong nila siya: "Ano ka kung gayon? Si Elias ka ba?" At sinabi niya: "Hindi." "Ang Propeta ka ba?" Isinagot naman niya: "Hindi" Kaya sinabi nila sa kanya: "Sino ka ba? Para may maisagot kami sa mga nagpapunta sa amin. Ano ba ang masasabi mo tungkol sa 'yong sarili?"

Sumagot siya gaya ng sinabi ni Propeta Isaias: *"Tinig ako ng isang sumisigaw sa disyerto: Tuwirin ang daan ng Panginoon."*

May mga pinapunta mula sa mga Pariseo. At tinanong nila siya: "Eh, ba't ka nagbibinyag kung hindi ikaw ang Kristo, ni si Elias, ni ang Propeta?" Sinagot sila ni Juan: "Sa tubig ako nagbibinyag ngunit may nakatayo sa piling ninyo na hindi n'yo kilala. Siya ang dumating na kasunod ko pero hindi ako karapat-dapat magkalag ng panali ng kanyang panyapak." Sa Betaraba nangyari ang mga ito, sa kabilang-ibayo ng Jordan na pinagbibinyagan ni Juan.

Pagmamaisid

Kilala mo bang tunay ang mga taong nasa paligid mo? Baka sa katahimikan ng isang tao, naroon ang presensiya ni Kristo.

Paghahawi

"May nakatayo sa piling ninyo na hindi ninyo kilala."

Ito ang matinding pahayag ni Juan Bautista. Sa gitna ng relihiyosong mga pinuno, naroon na si Jesus ang Mesiyas ngunit hindi nila Siya nakilala. Si Juan, bagamat kilala bilang propeta, ay nagpapakumbaba: Hindi ako karapat-dapat kahit magkalag ng panali ng Kanyang panyapak.

Pagtatabas

Sa gitna ng ingay ng mundo, ng mga abala, ng mga alalahanin, nakikita ko ba si Jesus?

Pagsasaayos

Isinugo si Juan Bautista upang ihanda ang daraanan ni Jesus. Sa ating panahon, tinatawag rin tayo rin na maging tagapaghanda sa ating pamilya, komunidad, at sarili.

Bagamat makasalanang, hindi tayo tinatanggihan ng Diyos. Sa halip, Siya mismo ang lumalapit. Kilalanin natin Siya sa bawat kapwa sa kanilang kabutihan, sa kanilang paghihirap, sa kanilang pangangailangan.

Hindi ang pagkilala kay Jesus lamang sa altar, kundi sa lansangan, sa tahanan, sa puso ng bawat tao.

Pagdiriwang

Ama, maraming salamat sa pagpapadala sa amin ng Inyong Bugtong na Anak na si Jesus. Nawa, makita at makilala namin Siya nang lubusan sa aming kapwa.


SABADO BAGO ANG PAGPAPAKITA NG PANGINOON

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

Ang Kabanal-banalang Ngalan
ng ating Panginoon

Salmo 98:1, 3kd-4, 5-6

*Kahit saa'y namamalas,
tagumpay ng Nagliligtas.*



Sabado
03 ENERO

Unang Pagbasa: 1 Juan 2:29—3:6

Alam ninyo na makatarungan siya kaya alamin din ninyo na nagmula sa kanya ang sinumang gumagawa ng matuwid. Isipin ninyo ang laki ng pag-ibig na kaloob sa atin ng Diyos: Tinatawag tayong mga anak ng Diyos, at gayon nga tayo talaga. At bakit hindi tayo kinikilala ng mundo? Dahil lamang ang mundo ay di kumilala sa kanya.

Mga minamahal, mga anak na tayo ng Diyos bagaman hindi pa ipinakikita kung magiging ano tayo. Ngunit alam natin na sa pagpapakita niya matutulad tayo sa kanya sapagkat makikita natin siya kung ano siya. Dahil dito, lumilinis sa sarili ang may ganitong pag-asa at tumutulad sa kanyang kalinisan.

Mapaglabag ang sinumang nagkakasala pagkat ang anumang sala ay paglabag Alam ninyo na wala siyang kasalanan ngunit napakita Siya upang alisin ang mga sala Kaya hindi nagkakasala ang nananatili sa kanya; kung may nagkakasala naman hindi Siya nakita o nakilala nito.

Ebanghelyo: Juan 1:29-34

Kinabukasan, nakita niya si Jesus na palapit sa kanya kaya sinabi niya: “Hayan ang Kordero ng Diyos, sa kanya napapawi ang sala ng mundo. Ito ang tinutukoy ko nang sinabi kong ‘Isang lalaki and kasunod kong dumarating, nauna na siya sa akin pagkat bago ako’y siya na.’

Wala nga akong alam sa kanya pero upang mahayag siya sa Israel ang dahilan kaya dumating akong nagbibinyag sa tubig.”

At nagpatunay si Juan sa pagsasabing “Nakita ko ang Espiritu na bumababa mula sa langit gaya ng isang kalapati, at namalagi sa kanya. Wala nga akong alam sa kanya pero ang nagpadala sa akin na magbinyag sa tubig ang siya ring nagsabi sa akin: ‘Kung kanino mo makitang bumababa ang Espiritu at namamalagi sa kanya, ito ang magbibinyag sa Espiritu Santo!’ Nakita ko at pinatutunayan ko na siya nga ang hinirang Diyos.”

BIRTHDAY: Rev. Fr. Antero C. Natividad

Pagmamasiid

Tatanggapin mo ba ang malaking hamon at responsibilidad na maging kinatawan ng isang tao o samahan? Bakit?

Paghahawi

Upang mahayag si Jesus sa Israel, ang dahilan kung bakit dumating si Juan Bautista na nagbibinyag sa tubig. Pinatunayan niya na nakita niya ang Espiritu Santo na bumababa mula sa langit, gaya ng isang kalapati, at namalagi kay Jesus.

Pagtatabas

Tulad ni Juan Bautista, maihayag ko ba si Jesus sa kapwa ko, responsibilidad ko bilang tagasunod ni Jesus?

Pagsasaayos

Malaking hamon ang paghayag kay Jesus sa kapwa. Maaring hindi maniwala ang kapwa dahil sa hindi mabuting halimbawa natin. Maaring nakagisnan ng kapwa ang sambahin ang ibang diyos. Maaring hindi maliwanag ang pahayag natin, dahil kulang ang pag-aaral at pagnilay tungkol kay Jesus sa Bibliya.

Misyon ng bawat tagasunod ni Jesus na ipagpatuloy ang Misyon Niya sa lupa. Walang imposible sa Diyos kung tatanggapin natin ang ating misyon at pagsisikap ng gawin ito.

Pagdiriwang

Ama, tinawag din Niyo kami, upang ipahayag si Jesus sa mundo. Tulungan Niyo kami na magampanan ang misyong ito.



DAKILANG KAPISTAHAN NG PAGPAPAKITA NG PANGINOON

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)

Salmo 72:1-2, 7-8, 10-11, 12-13

*Poon, maglilingkod sa 'yo,
tanang bansa nitong mundo.*

Unang Pagbasa: Isaias 60:1-6

Bumangon ka, magningning, pagkat dumating na ang iyong liwanag. Ang kaluwalhatian ni Yawo sa iyo ay sumisikat.

Masdan, nababalot pa ng dilim ang lupa, at ng makapal na ulap ang mga bayan. Ngunit sumisikat si Yawe sa iyo, at lumilitaw sa iyo ang kanyang kaluwalhatian. Lumalakad ang mga bansa sa iyong liwanag, at ang mga hari sa nininging ng iyong bukanliwayway.

Tumingin ka at masdan ang paligid: nagtitipon silang lahat at dumarating sa iyo ang mga anak mong lalaki mula sa malayo, ang mga anak mong babaeng kinakalong.

Magliliwanag ang mukha mo sa tanawing ito; kakaba-kaba ang iyong puso at mapupuspos ng ligaya. Dadalhin sa iyo ang yaman ng dagat, darating sa iyo ang yaman ng mga bansa.

Matatabunan ka ng napakaraming kamelyo, mga batang kamelyo ng Madian at Efa.

Darating ang lahat ng taga-Saba, may dalang ginto at insenso, at ipinapahayag ang papuri kay Yawe.

Ikalawang Pagbasa: Efeso 3:2-3a, 5-6

Narinig na siguro ninyo ang tungkol sa kinalabasan ng misyong ibinigay sa akin ng Diyos alang-alang sa inyo. Ipinaalam nga niya sa akin sa pagbubunyag ang mahiwagang balak na isinulat ko sa iilang salita lamang.

Hindi pa ito ipinahahayag sa mga tao sa lumipas na panahon, kundi sa espiritu ito ibinunyag ngayon sa banal niyang mga apostol at mga propeta. Kay Kristo Jesus, ang mga paganong bayan ay nagiging kapwa-tagapagmana at kaisang-katawan at kabahagi sa pangako.

Ebanghelyo: Mateo 2:1-12

Pagkapanganak kay Jesus sa Betlehem sa Judea, sa panahon ni Haring Herodes, dumating sa Jerusalem ang ilang pantas mula sa Silangan. Nagtanong sila: “Nasaan ang bagong silang na hari ng mga Judio? Nakita namin ang pagsikat ng kanyang tala sa Silangan at naparito kami para sambahin siya.”

Nang marinig ito ni Herodes, naligalig siya at ang buong Jerusalem. Ipinatawag niya kaagad ang buong kaparian at ang mga dalubhasa sa Batas, at itinanong sa kanila kung saan ipangananak ang Mesiyas.

At sinabi nila: “Sa Betlehem ng Juda sapagkat ito ang isinulat ng Propeta: “At ikaw, Betlehem, sa lupain ng Juda, hindi ikaw ang pinakaaba sa mga angkan ng Juda, sapagkat sa iyo magmumula ang isang pinuno: siya ang magiging pastol ng aking bayang Israel.”

Kaya lihim na tinawag ni Herodes ang mga pantas at hiningi sa kanila ang mga impormasyon tungkol sa sumikat na tala. At saka niya sila pinapunta sa Betlehem at sinabi: “Pumunta kayo at alamin ang tungkol sa bata. Pagkakita ninyo sa kanya, bumalik kayo sa akin para makapunta rin ako sa kanya at makasamba.”

Umalis sila pagkarinig nila sa hari. Nagpauna sa kanila ang tala na nakita nila sa Silangan, at tumigil ito sa itaas ng lugar na kinaroroonan ng sanggol. Labis na natuwa ang mga pantas nang makita nilang muli ang tala! Pumasok sila sa bahay at nakita nila ang sanggol kasama ni Mariang kanyang ina. Lumuhod sila at sumamba, at binuksan ang kanilang mga mamahaling dala at hinandugan siya ng mga regalong ginto, kamanyang at mira.

At nag-iba sila ng daan pag-uwi nila sa kanilang lupain dahil binilinan sila sa panaginip na huwag nang bumalik kay Herodes.



“Nakita namin ang pagsikat ng kanyang tala sa Silangan at naparito kami para sambahin siya.”

Pagmamasisid

Nakaramdam ka na ba ng galak sa pagtuklas at pagkilala sa isang mabuting tao?

Paghahawi

Pagkapanganak kay Jesus sa Bethlehem, dumating sa Jerusalem ang ilang pantas mula sa Silangan. Nakita nila ang pagsikat ng isang tala sa Silangan, at tumungo sila roon, upang sambahin ang bagong silang na sanggol.

Pagtatabas

Sa aking paghahanap sa Diyos, naramdaman ko rin ba ang labis na kagalakan sa pagkatuklas kay Jesus?

Pagsasaayos

Labis na natuwa ang mga pantas nang makita ang hinahanap na sanggol na si Jesus. Lumuhod sila at sumamba.

Ligayang walang katumbas ang naramdaman ko nang makilala at papasukin si Jesus sa aking buhay. Nalaman ko na higit pa sa pagmamahal ng mga magulang ko ang walang hanggang pagmamahal ni Jesus kahit na nagkakasala ako.

Pagdiriwang

Maraming salamat, Ama, sa binigay mong mga pagkakataon na makilala at sambahin ang Anak mong si Jesus, Tagapagligtas naming lahat.



**LUNES KASUNOD NG
PAGPAPAKITA NG PANGINOON**

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

San Juan Neumann

Salmo 2:7bk-8, 10-12a

Buong daigdig na ito ay ibibigay ko sa iyo.

Unang Pagbasa: 1 Juan 3:22—4:6*

Ebanghelyo: Mateo 4:12-17, 23-25

Nang marinig ni Jesus na dinakip si Juan, lumayo siya pa-Galilea. Hindi siya tumigil sa Nazaret, kundi sa Capernaum nanirahan, sa may baybayin ng lawa ng Galilea, sa teritoryo ng Zabulon at Neftali.

Kaya natupad ang salita ni Propeta Isaias: “Makinig kayo, mga lupain ng Zabulon at Neftali, mga daang patungo sa Dagat, kabilang ibayo ng Jordan; pakinggan ako, Galileang lupain ng mga pagano. Nakakita na ng malaking liwanag ang mga lugmok sa kadiliman. Sumikat na ang liwanag sa mga nasa anino ng kamatayan.” At magmula noon, sinimulang ipahayag ni Jesus ang kanyang mensahe: “Magbagong-buhay; lumapit na nga ang Kaharian ng Langit.”

Nagsimulang maglibot si Jesus sa buong Galilea. Nagturo siya sa kanilang mga sinagoga, ipinahayag ang Mabuting Balita ng Kaharian at pinagaling ang kung anu-anong klase ng sakit at kapansanan ng mga tao.

Lumaganap sa buong Siria ang balita tungkol sa kanya. Kaya dinala sa kanya ang mga may karamdaman, ang lahat ng naghihirap dahil sa sakit, ang mga inaalihan ng demonyo, ang mga nasisiraan ng bait, ang mga paralitiko, at pinagaling niya silang lahat. Sinundan siya ng maraming taong galing sa Galilea, sa Sampung Lunsod, sa Jerusalem, sa Judea at sa kabilang ibayo ng Jordan.

Pagmamasid

Kanino ka umaasa at humihingi ng tulong kapag nakakaramdam ng panghihina at kalungkutan dahil sa suliranin?

Paghahawi

Nang nanirahan si Jesus sa Capernaum, natupad ang sinabi ni Propeta Isaias na “nakakita na ng malaking liwanag ang mga lugmok sa kadiliman. Sumikat na ang liwanag sa mga nasa anino ng kamatayan.”

Pagtatabas

May mga pagkakataon ba na naramdaman mong sinalo at niyakap ka ni Jesus sa gitna ng iyong pagkalugmok sa kadiliman ng suliranin?

Pagsasaayos

Marami ang dumayo kay Jesus sa Capernaum, sa pananalig na si Jesus ang magdadala ng kasagutan at kagalingan sa kanilang paghihirap at karamdaman. Tulad nila, huwag tayong mawalan ng pag-asang diringgin ni Jesus ang ating panalangin. Isinugo ng Ama ang Kanyang Anak na si Jesus sa lupa, upang maging Tagapagligtas natin, ang pag-asa at liwanag ng ating buhay.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, maraming salamat at hindi Niyo kami iniwan. Sa kabila ng aming kahinaan at pagtalikod sa Inyo, lagi Kang nariyan upang yakapin, alalayan, at iligtas kami.

MARTES KASUNOD NG PAGPAPAKITA NG PANGINOON

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

San Andrés Bessette

Salmo 72:1-2, 3-4, 7-8

*Poon, maglilingkod sa iyo
tanang bansa nitong mundo.*



Martes
06 ENERO

Unang Pagbasa: 1 Juan 4:7-10

Mga minamahal, mahalín natin ang isa't isa sapagkat nanggagaling sa Diyos ang pag-ibig at sa Diyos isinilang ang umiibig at nakikilala niya ang Diyos. Hindi naman nakakikilala sa Diyos ang hindi umiibig sapagkat ang Diyos ay pag-ibig.

Malaman ninyo kung paano lumitaw sa atin ang pag-ibig ng Diyos: sinugo ng Diyos sa mundo ang Kanyang Anak na bugtong upang mabuhay tayo sa pamamagitan niya.

Ganito talaga ang pag-ibig: hindi tayo ang umibig sa Diyos kundi siya ang umibig sa atin at sinugo ang kanyang Anak na hain para sa ating mga kasalanan.

Ebanghelyo: Marcos 6:34-44

Pagdating ni Jesus sa pampang, nakita niya ang maraming taong nagkakatipon doon at naawa siya sa kanila sapagkat para silang mga tupang walang pastol. At nagsimula siyang magturo sa kanila nang matagal. Nang humahapon na, lumapit sa kanya ang mga alagad at sinabi: "Nasa ilang na lugar tayo at lampas na ang oras." Paalisin

mo sila nang makapunta sila sa mga nayon at bukid sa paligid at makabili ng kani-kanilang makakain."

Ngunit sumagot si Jesus sa kanila: "Kayo ang magbigay sa kanila ng makakain." Sinabi naman nila: "At kami pa pala ang bibili ng tinapay – dalawandaang denaryo, di ba? At bibigyan namin sila." Ngunit sinabi niya: "Ilang tinapay meron kayo? Sige, tingnan ninyo." At pagkatingin nila ay kanilang sinabi: "Lima at may dalawa pang isda."

Kaya iniutos niya sa kanila na paupuin nang grupu-grupo ang makapal na tao sa berdeng damuhan. At naupo silang grupu-grupo, tigsasandaan at tigllimampu. Kinuha niya ang limang tinapay at dalawang isda, tumingala sa langit, nagpuri, hinati ang mga tinapay at ibinigay sa kanyang mga alagad para ibigay din nila sa mga tao. Gayundin naman, hinati niya ang dalawang isda.

At kumain silang lahat at nabusog, at inipon nila ang mga natirang pira-piraso labin-dalawang punong basket ang mga piraso ng tinapay pati na ang mga piraso ng isda.

Mga limanlibong lalaki ang napakain.

Pagmamasid

Sa mga panahong nakatatanggap ng biyaya, ano ang aking ginagawa?

Paghahawi

Kinuha ni Jesus ang limang tinapay at dalawang isda, tumingala sa langit, nagpuri, hinati ang mga tinapay at ibinigay sa Kanyang mga alagad, para ibigay din nila sa mga tao. Gayundin naman, hinati Niya ang dalawang isda.

Pagtatabas

Nakapagbahagi ba ako ng mga biyayang natatanggap, tulad ng ginawa ni Jesus sa pagpapakain ng maraming tao?

Pagsasaayos

Tuwing nakatatanggap tayo ng mga biyaya, naiisip ba natin ang mga kapatid na walang trabaho, nasa lansangan, bahay ampuhan, mga preso, at marami pang iba na kapos sa buhay? Alalahanin natin ibahagi sa kanila, bilang pasasalamat sa Diyos na pinagmumulan ng lahat ng mga biyaya natin.

Pagdiriwang

Maraming salamat, Ama, sa mga biyaya. Tulungan Ninyo kaming magbahagi, upang patuloy na maging daluyan ng Inyong grasya at awa.



**MIYERKULES KASUNOD NG
PAGPAPAKITA NG PANGINOON**

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)
San Raymundo ng Penyafort

Salmo 72:1-2, 10, 12-13
*Poon, maglilingkod sa iyo
tanang bansa nitong mundo.*

Unang Pagbasa: 1 Juan 4:11-18

Mga minamahal, kung ganito nagmahal sa atin ang Diyos, dapat din nating mahal in ang isa't isa. Hindi kailanman nakikita ng sinuman ang Diyos ngunit kung umiibig tayo sa isa't isa, nasa atin ang Diyos at lumalago sa atin ang pag-ibig niya. At paano natin malalaman na nasa kanya tayo at nasa atin siya? Ibinigay niya sa atin ang espiritu niya mismo. Namalas naman namin at pinatutunayan na sinugo ng Ama ang Anak na Tagapagligtas ng sanlibutan. Kung may kumikilala na si Jesus ay Anak ng Diyos, nasa Diyos siya at nasa kanya ang Diyos. At nakilala naman namin at pinaniwalaan ang pag-ibig ng Diyos para sa atin.

Paano makikilala ang kaganapan ng pag-ibig sa atin? Sa pagiging walang takot natin sa araw ng paghuhukom sapagkat katulad na rin tayo niya sa mundong ito. Wala ang takot sa pag-ibig; itinataboy ng ganap na pag-ibig ang takot pagkat saklaw ng parusa ang takot. Hindi ganap ang pag-ibig na may takot pa.

Ebanghelyo: Marcos 6:45-52

Agad na pinilit ni Jesus na sumakay sa bangka ang mga alagad at pinauna sa Betsaida sa kabilang ibayo habang pinaaalis niya ang mga tao. At pagkapaalis niya sa kanila, mag-isa siyang lumayo papunta sa kaburulan para manalangin.

Nasa laot na ang bangka nang gumabi at nag-iisa naman siyang nasa lupa. Nakita niya silang nahihirapan sa pagsagwan sapagkat pasalungat ang hangin. Kaya nang madaling-araw na, pinuntahan sila ni Jesus na naglalakad sa dagat at waring lalampas sa kanila. Nang makita nila siyang naglalakad sa dagat, akala nila'y multo siya. Kaya sumigaw sila. Nakita nga siya nilang lahat at nasindak sila. Ngunit agad niya silang kinausap: "Lakasan ang loob! Ako ito, huwag kayong matakot."

Nang nakasakay na siya sa bangka kasama nila, tumigil ang hangin kaya lalo pa silang namangha. Hindi nga nila naunawaan ang tungkol sa mga tinapay, kundi sarado ang kanilang isip.

DATE OF ESTABLISHMENT: 1983, Christ the King Parish, BF
PARISH FIESTA: Epiphany of the Lord Parish

Pagmamasisid

Paano ko nakakayanan ang gawain at responsibilidad na naka-atang sa aking balikat?

Paghahawi

Agad na pinilit ni Jesus na sumakay sa bangka ang mga alagad at pinauna sa kabilang ibayo habang pinaalis niya ang mga tao. Mag-isa Siyang lumayo papunta sa kaburulan para manalangin.

Pagtatabas

Sa pagiging abala, may panahon pa ba akong manalangin?

Pagsasaayos

Minsan, sa nakapagad at di maubos-ubos na gawain at bigat ng responsibilidad, marami ang nagbabakasyon para magpahinga. Subalit nakapagad ang bakasyon na pagala-gala. Subukang lumapit at magpahinga sa piling ng Diyos. Sa Kanya, matatagpuan ang tunay na kapahingahan, dahil pinagmumulan Siya ng lakas.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa biyaya ng trabaho at lakas ng katawan. Tuwing napapagad, nawa hindi kami makalimot na lumapit at manalangin sa Inyo, dahil nagbibigay Kayo ng tunay na kapahingahan.

HUWEBES KASUNOD NG PAGPAPAKITA NG PANGINOON

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

Salmo 72:1-2, 14 at 15bk, 17
Poon, maglilingkod sa iyo
tanang bansa nitong mundo.



Huwebes
08 ENERO

Unang Pagbasa: 1 Juan 4:19–5:4

Ebanghelyo: Lucas 4:14-22

Nagbalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Espiritu at lumaganap sa buong kapaligiran ang balita tungkol sa kanya. Kinaugalian niyang magturo sa kanilang mga sinagoga, at pinupuri siya ng lahat.

Pagdating niya sa Nazaret, kung saan siya lumaki, pumasok siya sa sinagoga sa Araw ng Pahinga ayon sa kanyang kinaugalian. Tumindig siya para bumasa ng Kasulatan, at iniabot sa kanya ang aklat ni Propeta Isaias.

Sa paglaladlad niya sa rolyo, natagpuan niya ang lugar kung saan nasusulat: “*Suma-saakin ang Espiritu ng Panginoon kayat pina-*

hiran niya ako upang ihatid ang mabuting balita sa mga dukha. Sinugo niya ako upang ipahayag ang paglaya sa mga bilanggo, sa mga bulag ang pagkabawi ng paningin, upang bigyang-ginhawa ang mga api, at ipahayag ang taon ng kabutihang-loob ng Panginoon.”

Binilot ni Jesus ang aklat, ibinigay ito sa tagapaglingkod at naupo. At nakatuon sa kanya ang mga mata ng lahat ng nasa sinagoga. Sinimulan niyang magsalita sa kanila: “Isinakatuparan ang Kasulatang ito ngayon habang nakikinig kayo.” At sumang-ayon silang lahat sa kanya habang nagtataka sa gayong pagpapahayag ng kabutihang-loob ng Diyos na nanggaling sa kanyang bibig. At sinabi nila: “Hindi ba’t ito ang anak ni Jose?”

BIRTHDAY: Rev. Fr. Noel V. Elorde

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Ronnie M. Provido

Pagmamasisid

Paano ako maniniwala na totoo ang sinasabi tungkol sa isang taong ipinakilala sa akin?

Paghahawi

Matapos basahin ni Jesus ang Aklat ni Propeta Isaias, sinabi Niya sa mga tao: “Isinakatuparan ang Kasulatang ito ngayon, habang nakikinig kayo.” Sumang-ayon silang lahat, habang nagtataka sa Kanyang pagpapahayag tungkol sa Diyos. Sinabi nila: “Hindi ba ito ang anak ni Jose?”

Pagtatabas

Buo ba ang paniniwala ko na si Jesus ang Diyos Anak na nagkatawang-tao, o anak lang ba Siya ni Jose?

Pagsasaayos

Dahil dumating sa mundo nang payak at ipinanganak sa simpleng pamilya, may hindi naniniwalang Diyos Anak si Jesus. Kahit mismong si Jesus ang nagpahayag na Siya ang hinirang ng Ama, may hindi nakikita ang katotohanang ito. Buong-buo sana ang ating pananampalataya na si Jesus tunay na Diyos na nagkatawang-tao at nakisalamuha sa atin. Manaliksik, magnilay, at manalangin sa Ama, kung may duda tayo sa katotohanan ng pagpapakilala sa isang tao, lalo na sa Anak ng Diyos.

Pagdiriwang

Ama, maraming salamat sa pagpapadala mo sa amin ng Inyong Anak na si Jesus. Nawa, makatulong kaming ipahayag na si Jesus ang Magandang Balita ng Kaligtasan.



Unang Pagbasa: Mga Bilang 21:4b-9

Nasiraan ng loob ang sambayanan habang nasa daan, at nagreklamo laban sa Diyos at kay Moises: “Bakit mo kami inilabas mula sa Ehipto para mamatay sa disyerto? Walang tinapay ni tubig dito, at sawang-sawa na kami sa walang lasang mannang ito!”

At nagpadala si Yawe ng mga ahas na “apuy-apuyan” laban sa kanila. Tinuklaw ng mga ito ang sambayanan at marami sa mga Israelita ang namatay. Pinuntahan ng sambayanan si Moises at sinabi: “Nagkasala kami sa pagsasalita nang laban kay Yawe at sa iyo. Ipakiusap mo kay Yawe na alisin na sa amin ang mga ahas.”

Nanalangin si Moises para sa sambayanan, at sinabi sa kanya ni Yawe: “Gumawa ka ng isang ahas na ‘apuy-apuyan’ at ilagay sa isang poste, at mabubuhay ang sinumang natuklaw ng ahas at tumingin dito.”

Kaya gumawa si Moises ng isang ahas na tanso at inilagay iyon sa isang poste. At tumingin sa ahas na tanso ang sinumang natuklaw ng mga ahas, at siya’y nabuhay.

Ikalawang Pagbasa: Filipos 2:6-11

Ebanghelyo: Juan 3:13-17

Walang umakyat sa langit maliban sa bumaba mula sa langit – ang Anak ng Tao. At kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa disyerto, gayundin dapat itaas ang Anak ng Tao upang magkaroon ng buhay magpakailanman ang bawat nananalig sa kanya.

Ganito nga kamahal ng Diyos ang mundo! Kayat ibinigay niya ang kanyang bugtong na anak upang hindi na mawala ang bawat nananalig sa kanya kundi magkaroon ng buhay magpakailanman.

Hindi nga sinugo ng Diyos sa mundo ang Anak upang hukuman ang mundo kundi upang maligtas ang mundo sa pamamagitan niya.

Pagmamasid

Sa tuwing ipinagdiriwang ang Kapistahan ng Poong Itim na Nazareno, libo-libong deboto ang nagsisiksikan, nagpapasan, at naglalakad nang walang reklamo.

Ano ang nagtutulak sa kanila? Bakit nila pinipiling magpasan ng hirap para sa isang imahen ni Kristo?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: “Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya’t ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”

Pagtatabas

Handa ba akong pasanin ang aking krus sa araw-araw bilang tugon sa pag-ibig ng Diyos? O mas madalas ba akong tumakas sa sakripisyo, magreklamo sa hirap, at kalimutan ang habag ng Diyos?

Pagsasaayos

Paanyaya sa pakikiisa sa paghihirap ni Kristo ang debosyon sa Poong Nazareno, hindi bilang parusa, kundi bilang daan ng pag-ibig.

Sagisag ng pag-ibig na ito ang Poong Nazareno, ang Diyos na nagpakababa, nagpakasakit, at nag-alay ng sarili upang maligtas tayo. Hindi lamang ito imahen ng paghihirap, kundi larawan ng pag-ibig na nagpapasan para sa kapwa.

Sa ating debosyon sa kanya lalo na sa pagsama sa traslacion, magsikap tayo na maging tulad Niya, mapagpakumbaba, mapagtiis, at mapagmahal.

Pagdiriwang

Ama, matularan nawa namin si Jesus na maging mapagpakumbaba at masunurin sa Inyong Kalooaban, at makatulong sa pagpapahayag kay Kristo Jesus bilang Panginoon, hanggang sa aming huling hininga.

SABADO KASUNOD NG PAGPAPAKITA NG PANGINOON

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

Salmo 149:1-2, 3-4, 5 at 6a at 9b

*Pangino'y nagagalak
sa hirang Niyang mga anak.*



Sabado
10 ENERO

Unang Pagbasa: 1 Juan 5:14-21

At ito rin ang ating matatag na pananalig sa kanya: Kung hihingin natin ayon sa kanyang kalooban, pakikilingan niya tayo. Kaya pagkaalam natin na pakikilingan niya ang lahat ng ating hinihingi, alam na nating matatamo ang ating mga hinihingi.

Kung may makakitang magkasala ang kapatid – ang isang kasalanang hindi pa-kamatayan, dumalangin siya at magbibigay-buhay sa tao ang Diyos. Sinabi kong hindi pa-kamatayan ang kasalanan sapagkat mayroon ding pagkakasalang pa-kamatayan at hindi ko hinihingi na ipanalangin ito. Paglabag talaga ang kahit anumang sala, ngunit hindi pa pa-kamatayan ang kasalanang ito.

Alam natin na di nagkakasala ang isinilang ng Diyos iningatan nga siya ng nagmula sa Diyos at hindi siya masasagi ng Masama.

Alam nating nasa Diyos tayo at napasailalim ng Masama ang buong sanlibutan.

Alam natin na dumating ang Anak ng Diyos at binigyan tayo ng kakayahang makilala ang Tunay. Nasa Tunay tayo, nasa kanyang Anak na si Jesucristo.

Ito ang tunay na Diyos at ang buhay na walang-hanggan. Mga anak, mag-ingat sa mga huwad na diyos.

Ebanghelyo: Juan 3:22-30

Pagkatapos nito, pumunta si Jesus at ang kanyang mga alagad sa lupain ng Judea, at tumigil siya roong kasama nila at nagbinyag. Nagbibinyag din noon si Juan sa Ainon na malapit sa Salim dahil maraming tubig doon, at may mga nagsisidating at nagpapabinyag. Hindi pa nabibilanggo noon si Juan.

At nagkaroon ng pagtatalo ang mga alagad ni Juan at ang isang Judio tungkol sa paghuhugas. Pinuntahan nila si Juan at sinabi sa kanya: "Rabbi, ang kasa-kasama mo sa ibayo ng Jordan, na pinatunayan mo, nagbibinyag siya ngayon at sa kanya pumupunta ang lahat." Sumagot si Juan: "Walang anumang makukuha ang isang tao malibang ibigay ito sa kanya ng Langit. Kayo mismo ang makapagpapatunay na sinabi kong 'Hindi ako ang Mesiyas kundi sinugo akong manguna sa kanya.' Sa nobyo ang nobya. Naroon naman ang abay ng nobyo para makinig sa kanya at galak na galak siya sa tinig ng nobyo. Ganito ring lubos and aking kagalakan. Dapat siyang humigit at ako nama'y lumiit."

DATE OF ESTABLISHMENT: 1987, Our Lady of Consolation Parish

Pagmamasiid

Kung nagpapakilala ako ng isang pinagpipitang tao, itinataas ko ba siya o sarili ko?

Paghahawi

Sinabi ni Juan Bautista na hindi siya ang Mesiyas, kundi sinugo siya upang manguna sa Kanya. Lubos ang kanyang kagalakan. Dagdag niya na dapat humigit si Kristo, at siya naman lumiit."

Pagtatabas

Sa aking paglilingkod, naipapakilala ko ba si Jesus bilang Mesiyas? Sa paanong paraan?

Pagsasaayos

Maitatanghal nang lubos si Kristo, kung ang nagpapakilala sa Kanya tulad ni Juan Bautista na mapagpakumbaba at nakatuon ang paningin sa Panginoon at hindi sa sarili. Ang isang ugat ng kasalanan ang pagiging makasarili.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, hubugin Niyo ang aming puso, upang maging mapagpakumbaba sa paglilingkod sa Inyo. Kayo ang narapat maitatanghal, hindi kami.




Ebanghelyo: Mateo 3:13-17

Dumating noon si Jesus mula sa Galilea at lumapit kay Juan sa Ilog Jordan para magpabinyag. Pero tumanggi si Juan at sinabi: “Ako ang dapat na magpabinyag sa iyo, bakit ikaw ang lumapit sa akin?”

Ngunit sumagot sa kanya si Jesus: “Hayaan mo. Simulan natin sa simula.” Kaya sumangayon si Juan.

Matapos mabinyagan, umahon si Jesus mula sa tubig. At agad na nabuksan ang langit at nakita niya ang Espiritu ng Diyos na bumababang parang kalapati at papunta sa kanya. Narinig kasabay nito ang boses mula sa langit na nagsabi: “Ito ang aking Anak, ang Minamahal, siya ang aking Hinirang.”



“Matapos mabinyagan,
umahon si Jesus mula sa tubig.”

Pagmamasisid

Para sa iyo, ano ang tanda na kabilang ang isang tao sa grupo?

Pagahahawi

Matapos mabinyagan, umahon si Jesus mula sa tubig. Agad nabuksan ang langit, bumaba ang Banal na Espiritu na parang kalapati papunta sa Kanya. Kasabay nito narinig ang boses mula sa langit: “Ito ang aking Anak, ang Minamahal at Hinirang.”

Pagtatabas

Ano ang kahulugan ng binyag ko? Sa araw-araw, naipapakita ko ba ang aking pagiging anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, pag-ibig, at paglilingkod?

Pagsasaayon

Tinatanggap tayo sa isang grupo kapag kinikilala nila tayo bilang kasapi at isinasama sa mga gawain. Sa binyag, tinanggap natin ang pananampalataya, naging anak tayo ng Diyos, at pumasok tayo sa buhay Kristiyano. Nagpabinyag si Jesus kay Juan upang ipakita ang Kanyang pakikiisa sa atin at simulan ang Kanyang misyon mula sa Ama. Sa binyag, tinanggap natin ang Banal na Santatlo. Ginagabayan tayo ng biyayang ito sa ating paglalakbay pabalik sa Diyos. Nawa’y sariwain natin ang ating binyag sa bawat araw, sa panalangin, sa sakramento, at sa buhay na may pananampalataya, pag-asa, pag-ibig at paglilingkod.

Pagdiriwang

Ama sa langit, lubos ang aming pasasalamat na nabinyagan kaming Katoliko, na nagbubukas ng pinto sa Inyong Kaharian.

Ang Karaniwang Panahon

*A*ng Karaniwang Panahon ay binubuo ng 33 o 34 na linggo sa labas ng mga panahon ng Adbiyento, Pasko, Kuwaresma, at Pasko ng Pagkabuhay. Ang mga Linggo at mga Araw sa Karaniwang Panahon ay ipinamamalas ang iba pang mga misteryo ni Kristo na hindi tahasang ginugunita ng mga panahon. Sa panahong ito ang binibigyang-pansin ng Simbahan ang ministeryo ng ating Panginoon sa pangangaral, pagpapagaling, at pagpapalaya. Ang mga ito, sa ilang paraan, ay nakikita natin habang tayo ay nakikinig nang may pananampalataya sa mga pagbabasa sa Bibliya tuwing Linggo at sa araw-araw.

Napakahalaga, kung gayon, ang mga pagbasa sa Bibliya, lalo na ang ebanghelyo, sa panahon ng mga Misa sa Karaniwang Panahon. Kapag tayo'y nakikinig sa mga pagbasa, tayo rin ay may kakayahang makinig sa pangangaral ni Kristo at maranasan ang nagliligtas at nakapagpapagaling na kapangyarihan ng kanyang salita. Tunay na kapaki-pakinabang kung isasaisip na ang kanyang mga salita at mga gawa, na ipinahahayag ng ebanghelyo, ay hahayaan nating ipinta ang larawan ng ating Ama sa langit. Nakikilala natin ang Ama sa pamamagitan ng mga pangangaral at gawa ni Kristo.

Gayundin, ang mga Prepasyo sa Karaniwang Panahon ay karapat-dapat din naman sa ating pansin. Ipinapahayag nila ang mga kahanga-hangang gawa ng Diyos sa paglikha at kasaysayan ng kaligtasan sa pamamagitan ni Jesukristo. Ang Karaniwang Panahon ay tinatawag na “karaniwan o ordinaryo”, ngunit ang mensahe nito bawat Linggo, at sa bawat araw, ay hindi pangkaraniwan: ito ay palaging pambihira, sapagkat ito ay tumutukoy sa katauhan ni Jesukristo na nagpahayag sa atin, sa pamamagitan ng kanyang salita at kilos, ang persona ng Ama.





**UNANG LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 116:12-13, 14-17, 18-19
*Ang Panginoon'y sambahin
ng lahat n'yang mga anghel.*

Unang Pagbasa: 1 Samuel 1:1-8

May isang lalaking taga-Rama na nagngalang Elkana sa kaburulan ng Efraim. Anak siya ni Yeroham na anak ni Elihu na anak ni Tohu ng angkan ng Suf. Dalawa ang kanyang asawa: sina Ana at Penina. May mga anak si Penina pero wala si Ana. Umaahon taun-taon si Elkana sa Silo para sumamba at mag-alay kay Yawe ng mga Hukbo; ang dalawang anak na lalaki ni Eli na sina Yofni at Finjas ang mga pari ni Yawe roon.

Tuwing maghahandog ng alay si Elkana, binabahaginan niya ang kanyang asawang si Penina at lahat ng anak nito. Ngunit doble ang ibinibigay niya kay Ana sapagkat mas mahal niya ito bagamat ginawa siyang baog ni Yawe. Laging iniinis si Ana ng kanyang kaagaw sa pagiging baog para galitin sa pagpunta nila sa Bahay ni Yawe taun-taon. Kaya umiiyak si Ana at tumatangging kumain. At tinanong siya ng kanyang asawang si Elkana: "Ana, ba't ka umiiyak? Bakit ayaw mong kumain? Ba't ka malungkot? Hindi ba ako mas mahalaga sa iyo kaysa sampung anak na lalaki?"

Ebanghelyo: Marcos 1:14-20

Pagkadakip kay Juan, pumunta si Jesus sa Galilea. Doon niya ipinahayag ang magandang balita ng Diyos sa pagsasabing "Sumapit na ang panahon; magbagong-buhay at maniwala sa magandang balita; lumapit na nga ang Kaharian ng Langit."

Sa pagdaan ni Jesus sa pampang ng lawa ng Galilea, nakita niya si Simon kasama si Andres na kapatid niya na naghahagis ng mga lambat sa lawa; mga mangingisda sila. Sinabi sa kanila ni Jesus: "Halikayo, sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng tao." Agad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya.

Nagpatuloy pa siya nang kaunti, nakita naman niya ang magkapatid na Jaime at Juan na mga anak ni Zebedeo; nasa bangka sila at nagsusursi ng kanilang lambat. Tinawag sila ni Jesus. Agad nilang iniwan sa bangka ang kanilang amang si Zebedeo kasama ang mga tauhan nito, at umalis silang kasunod niya.

Pagmamasiid

Bakit ako sasama sa isang taong nag-aanyaya na sumama ako sa kanya? Ano ang nakikita ko sa kanya, tiwala, layunin, o pag-ibig?

Paghahawi

Anyaya ni Jesus kay Simon Pedro at Andres: "Halikayo, sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng tao." Agad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa Kanya.

Pagtatabas

May humahadlang ba sa akin sa pagtugon sa tawag ng Panginoong Jesus? Ano ito?

Pagsasaayos

Malaking biyaya na maimbitahan tayo na maglingkod sa ating Panginoong Jesus. Subalit, kung minsan, maaring sakit, katamaran, ibang gawain na dapat gawin, lakad ng pamilya o mga kaibigan ang humadlang sa atin.

Kailangan din gampanin ang mga responsibilidad natin sa pamilya at trabaho. Malaki at malalim ang pang-unawa ng Panginoong Jesus at Ama sa atin. Kalooban din nila na gampanan natin ang mga tungkulin natin. lalay natin ang mga ito para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Pagdiriwang

Maraming salamat, Panginoong Jesus, sa tawag Niyo. Kayo ang daan patungo sa Ama sa langit.

UNANG LINGGO SA KARANIWANG PANAHOON

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Puti)

San Hilario

1 Samuel 2:1, 4-5, 6-7, 8abkd

*Diyos kong Tagapagligtas,
pinupuri kitang wagas.*



Martes
13 ENERO

Unang Pagbasa: 1 Samuel 1:9-20*

Minsan pagkatapos nilang kumain at uminom sa Silo, tumindig si Ana sa may di kalayuan kay Eli, ang paring nakaupo sa upuang nasa tabing pintuan ng Bahay ni Yawe. Puno ng dalamhati, buong kapaitan siyang tumangis at dumalangin kay Yawe, at gumawa siya ng isang panata, at sinabing "O Yawe ng mga Hukbo, kung titingnan mo lamang ang dalamhati ng iyong lingkod at ako'y aalalahanin at di kalilimutan, kundi bigyan ako ng isang anak na lalaki, ibibigay ko siya kay Yawe sa lahat ng araw ng kanyang buhay at walang labahang lalapat sa kanyang ulo."

Habang nananalangin siya sa harap ni Yawe, pinagmasdan ni Eli ang kibot ng kanyang mga labi. (...) Kaya inakala ni Eling lasing si Ana. At sinabi ni Eli sa kanya: "Hang-gang kailan ka ba magiging lasing? Kailan ka mahihimasmasan?" Ngunit sumagot si Ana: "Hindi, aking panginoon. Ako'y isang babaeng lubhang naninimdim. Hindi ako lasing. (...) At sinabi ni Eli: "Humayo kang mapayapa at ipagkaloob nawa ng Diyos ng Israel ang iyong hinihingi." (...)

Ebanghelyo: Marcos 1:21-28

At pumunta sila sa Capernaum. At nag-turo siya sa sinagoga sa mga Araw ng Pahinga. Nagulat ang mga tao sa kanyang pangangaral sapagkat nangaral siya nang may kapangyarihan, hindi gaya ng mga guro ng Batas.

May isang tao sa sinagoga na inaalihan ng isang maruming espiritu. Sumigaw ito: "Ano ang kailangan mo sa akin, Jesus na taga-Nazaret? Para ipahamak kami kaya ka dumating. Alam ko kung sino ka: ang Banal ng Diyos."

Ngunit iniutos sa kanya ni Jesus: "Tumahimik ka't lumabas sa kanya." Matinding niyugyog ng espiritu ang taong iyon at pagkasigaw nang malakas ay saka lumabas.

Talagang takang-taka ang lahat at nag-usap-usap sila: "Ano ito? Isang bagong pagtuturo na may kapangyarihan! Inuutusan niya kahit maruruming espiritu at sinusunod nila siya." At lumaganap ang katanyagan niya saan man sa buong lupain ng Galilea.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Noel O. Flaviano, SSSC

Pagmamaisid

Kung may bagong paraan o pagtuturo ang nais nating ipalaganap, ano ang maari nating gawin?

Paghahawi

Nag-usap-usap ang mga tao sa sinagoga: "Isang bagong pagtuturo na may kapangyarihan! Inuutusan niya kahit maruruming espiritu, at sinusunod nila siya." Lumaganap ang katanyagan ni Jesus sa buong Galilea.

Pagtatabas

Sa anong bagong paraan makakatulong tayo sa pagpapalaganap ng mga turo at aral ni Jesus?

Pagsasaayos

May sekta sa relihiyon na nanghihiikayat ng taong sumama sa kanila sa pamamagitan ng kanilang salita, pag-awit, o pangako. Sa ating Simbahan, may mga paring mahusay magbigay ng homiliya, mga layko na nagbabahagi ng kanilang karanasang maka-Diyos, at grupong magaling kumanta sa Misa. Nakakahikayat ang paring may kakayahang biyaya ng Diyos na magpagaling ng maysakit.

Bukas ang ating Simbahan sa bagong paraan na hindi taliwas sa mga turo ni Jesus. May mga dating paraan na maayos manghiikayat sa kakila na kilalanin at manalig sa Ama at kay Jesus. Mahusay na paraan pa rin ang mabuting halimbawa at pagsabuhay ng mga aral ni Jesus.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming makapagpalanap din ng mga turo at aral ng Panginoong Jesus sa mabuting paraan.



Unang Pagbasa: 1 Samuel 3:1-10, 19-20*

(...) At tumawag si Yawe: "Samuel, Samuel!" Sumagot si Samuel: "Narito ako!" at tumakbo siya kay Eli at sinabing "Narito ako sapagkat tinawag ninyo ako." Ngunit sinabi ni Eli: "Hindi ako tumawag. Sige, mahiga ka na." Kaya umalis siya at nahiga. Muling tumawag si Yawe: "Samuel!" At bumangon si Samuel at pumunta kay Eli at sinabi: "Narito ako sapagkat tinawag ninyo ako." Ngunit sinabi ni Eli: "Hindi kita tinawag, anak. Bumalik ka na at mahiga uli."

Hindi pa nakikilala ni Samuel si Yawe at hindi pa naihahayag sa kanya ang salita ni Yawe. Ngunit tinawag ni Yawe si Samuel sa ikatlong pagkakataon. Bumangon si Samuel at pumunta kay Eli at sinabi: "Narito ako sapagkat tinawag ninyo ako." At naunawaan ni Eli na si Yawe ang tumatawag sa bata, at sinabi ni Eli kay Samuel: "Sige na, mahiga ka at kung may tumawag sa iyo, sabihin mo – Magsalita ka, Yawe, sapagkat nakikinig ang iyong lingkod." At umalis si Samuel at nahiga sa kanyang lugar. Dumating si Yawe at tumayo roon, at tumawag tulad nang dati: "Samuel, Samuel!" At sumagot si Samuel: "Magsalita ka sapagkat nakikinig ang iyong lingkod." (...)

Ebanghelyo: Marcos 1:29-39

Pagkaalis niya sa sinagoga, tumuloy si Jesus sa bahay nina Pedro at Andres, kasama sina Jaime at Juan. Doo'y nakahiga ang biyenang Pedro at may lagnat, at agad nila itong sinabi kay Jesus. Kaya lumapit siya, hinawakan ito sa kamay at ibinangon. Iniwan ng lagnat ang babae at ito mismo ang naglingkod sa kanila. Pagkalubog ng araw, nang dumidilim na, dinala nila kay Jesus ang lahat ng maysakit o inaalihan ng masasamang espiritu. Nasa may pintuan nga ang buong bayan. Maraming may iba't ibang sakit ang pinagaling ni Jesus at maraming demonyo ang kanyang pinalayas; ngunit hindi niya sila pinahintulatang magsalita sapagkat alam nila kung sino siya.

Kinabukasan, maaga siyang bumangon at umalis. Pumunta siya sa isang ilang na lugar at doon siya nanalangin. Hinanap siya nina Pedro, at pagkakita sa kanya ay kanilang sinabi: "Hinahanap ka ng lahat." Ngunit sinabi niya sa kanila: "Tayo na sa ibang lugar, sa maliliit na karatig-nayon para makapangaral din ako roon; dahil dito kaya nga ako lumabas."

At naglibot siyang nangangaral sa kanilang mga sinagoga sa buong Galilea at nagpapalayas ng mga demonyo.

Pagmamaisid

Binibigyan ko ba ng pansin ang mga nasa laylayan ng lipunan?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus kina Pedro: "Tayo na sa ibang lugar, sa maliliit na karatig-nayon, para makapangaral din ako roon. Dahil dito, kaya nga ako lumabas."

Pagtatabas

May puwang ba sa ating puso ang mga nangangailangan ng turo ng Panginoong Jesus?

Pagsasaayos

Ang misyon nating lahat, makatulong sa pagbabahagi ng turo ni Jesus, lalong-lalo na sa mga higit na nangangailan nito. Saan man sulok ang ating mga kapatid, bigyan natin sila ng panahon at tiyaga, upang makatanggap din sila ng salita ng Diyos, at mapabuti ang kanilang buhay materyal at espirital.

Pagdiriwang

Maraming salamat, Ama, sa biyaya na malaman ang iyong salita sa pamamagitan ni Jesus. Nawa manatili ang iyong biyaya ng lakas ng pangangatawan, isip, at puso, upang makapagbahagi kami ng Inyong banal na salita

UNANG LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 44:10-11, 14-15, 24-25

*Poon, kami'y'yong iligtas,
pag-ibig mo'y di kukupas.*



Huwebes
15 ENERO

Unang Pagbasa: 1 Samuel 4:1-11*

Nagtipon noon ang mga Pilisteo para salakayin ang Israel, at lumabas din ang Israel para harapin ang mga Pilisteo sa labanan. Nagkampo sila sa Ebena-Ezer samantalang sa Afek naman nagkampo ang mga Pilisteo. (...) Nang umurong sa kanilang kampo ang mga tao, nagtanong ang matatanda ng Israel: "Bakit pinabayaan tayo ni Yawe na matalo sa harap ng mga Pilisteo? Kunin natin sa Silo ang Kaban ng Diyos at dalhin iyon dito upang makapiling natin at nang maligtas tayo sa ating mga kaaway."

(...) Nang dumating sa kampo ang Kaban ni Yawe, sumigaw nang napakalakas ang buong Israel at nayanig ang lupa. Narinig ng mga Pilisteo ang hiyawan at nagtanungan: "Ano ang napakalakas na sigawang iyon sa kampo ng mga Hebreo?" At nalaman nila na dumating sa kampo ang Kaban ni Yawe.

Natakot ang mga Pilisteo at kanilang sinabi: "Isang diyos ang dumating sa kampo! Kawawa tayo! Wala pang nangyayaring ganito noon. Kawawa tayo! Sino ang magliligtas sa atin mula sa kamay ng mga makapangyarihang diyos na ito? (...) Lakasan ninyo ang inyong loob at magpakalalaki, O mga Pilisteo, kung hindi'y magiging alipin kayo ng mga Hebreo kung

paanong naging alipin natin sila. Magpakalalaki kayo at lumaban!" Lumaban nga ang mga Pilisteo at nagapi ang Israel. (...) Naagaw ang Kaban ng Diyos at namatay ang dalawang anak ni Eli na sina Yofni at Finjas.

Ebanghelyo: Marcos 1:40-45

Lumapit sa kanya ang isang mayketong Lat nakiusap sa kanya: "Kung gusto mo, mapalilinis mo ako." Nahabag si Jesus sa kanya, iniinat ang kanyang kamay, hinipo siya at sinabi: "Gusto ko, luminis ka!" Nang oras ding iyon, iniwan ang lalaki ng kanyang ketong at luminis siya.

Ngunit mahigpit siyang pinagbilinan ni Jesus sa kanyang pag-alis, sinabi niya: "Mag-ingat ka, huwag mo itong sabihin kaninuman, kundi pumunta ka sa pari para masuri ka niya at maialay alang-alang sa pagkalinis sa iyo ang handog na iniutos ni Moises upang magkaroon sila ng patunay."

Ngunit pagkaalis ng tao, sinimulan niyang ipahayag ito kahit saan at ipamalita ang pangyayaring ito. Dahil dito, hindi na lantarang makapasok sa bayan si Jesus kundi nanatili siya sa labas, sa mga ilang na lugar. Ngunit may dumarating pa rin sa kanya na kung saan-saan galing.

Pagmamasiid

Madali bang sumunod sa bilin ng isang taong gumawa ng kabutihan sa iyo?

Paghahawi

Mahigpit pinagbilinan ni Jesus ang gumaling na ketongin: "Mag-ingat ka, huwag mo itong sabihin kaninuman, kundi pumunta ka sa pari para masuri ka niya..." Ngunit ipinamalita ng tao kahit saan ang Nangyari sa kanya. Dahil dito, hindi na lantarang makapasok sa bayan si Jesus.

Pagtatabas

Ipamamalita ko rin ba ang pagpapagaling sa akin ni Jesus, kahit na ang bilin Niya, huwag ito ipamalita?

Pagsasaayos

Maaring dahil sa lubos na galak, naipamalita ng tao ang ginawang mabuti ni Jesus sa kanya. Hindi niya naunawaan ang mangyayaring hindi mabuti kay Jesus at sa iba pang maysakit.

Marahil, kung minsan, hindi natin maintindihan ang bilin ni Jesus sa atin na tagasunod Niya. Tinatawag tayong magtiwala sa salita ni Jesus, Anak ng Diyos na nakakaalam ng lahat, pati na ang mangyayari sa atin. Sa kabila ng maaring duda, bigkasin natin, "Jesus, nanalig ako sa Iyo."

Pagdiriwang

Ama, maraming salamat sa pagtugon sa aming panalangin at kahilingan, kahit di kami karapat-dapat. Turuan Niyo kami na maging masunurin sa Inyo at sa Panginoong Jesus sa lahat ng pagkakataon.



Unang Pagbasa:
1 Samuel 8:4-7, 10-22a*

Ebanghelyo: Marcos 2:1-12

Pagkaraan ng ilang araw, pumasok siya sa Capernaum. Nang mabalitang nasa bahay siya, marami ang nagtipon doon kaya wala nang lugar kahit sa may pintuan. At ipinahayag niya ang Salita. May mga tao namang dumating at dinala sa kanya ang isang paralitiko, na buhat-buhat ng apat.

At nang hindi sila makalapit kay Jesus dahil sa dami ng tao, inalis nila ang mga tisa ng terasang nasa ibabaw ng kinaroroonan ni Jesus at pagkabukas nila nito, inihugos nila ang paralitiko na nasa higaan.

Nang makita ni Jesus ang kanilang pananalig, sinabi niya sa paralitiko: "Anak! Pinatawad na ang iyong mga kasalanan."

May ilang guro ng Batas naman na nakaupo roon at inisip nila: "Ano itong sinasabi niya? Talagang iniinsulto niya ang Diyos. Sino ba ang may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan? Di ba't ang Diyos lamang?" At agad na nalaman ni Jesus sa kanyang espiritu na ganoon ang kanilang mga nilolooob na kaisipan. Kaya sinabi niya sa kanila: "Ano ang mga kaisipan ninyong ito? Ano ba ang mas madaling sabihin sa paralitiko: 'Pinatawad na ang iyong mga kasalanan' o 'Tumayo ka, kunin ang iyong higaan at lumakad'? Dapat ninyong malaman na sa lupa ay may kapangyarihan ang Anak ng Tao na magpatawad ng kasalanan."

At sinabi niya sa paralitiko: "Iniutos ko sa iyo: bumangon ka, dalhin mo ang iyong higaan at umuwi." At bumangon nga ang tao, agad na kinuha ang higaan at lumabas na nakikita ng lahat. Lubhang namangha ang lahat at nagpuri sila sa Diyos sa pagsasabing "Kailanma'y hindi pa kami nakakakita ng ganito."

BIRTHDAY: Most Rev. Teodoro C. Bacani, Jr. (Bishop Emeritus)

Pagmamasisid

Mabilis ba akong manghugsa ng kapwa, kahit hindi sapat ang aking kaalaman sa batas o sa situwasyon niya? Hinahayaan ko bang ang aking pag-aakala ang humadlang sa awa?

Paghahawi

Inisip ng ilang guro ng batas na talagang iniinsulto ni Jesus ang Diyos. "Di ba ang Diyos lamang ang may kapangyarihang magpatawad ng kasalanan? Agad nalaman ni Jesus sa Kanyang Espiritu ang nilolooob at kaisipan nila. Kaya sinabi niya sa kanila: "Ano ang mga kaisipan ninyong ito? Ano ba ang mas madaling sabihin sa paralitiko: 'Pinatawad na ang iyong mga kasalanan' o 'Tumayo ka, kunin ang iyong higaan at lumakad'? Dapat ninyong malaman na sa lupa ay may kapangyarihan ang Anak ng Tao na magpatawad ng kasalanan."

Pagtatabas

Hinahayaan ko bang ang awa ang manguna kaysa sa aking opinyon o tulad din ako ng mga guro ng batas na mapanghugsa?

Pagsasaayos

Huwag tayong tumulad sa mga guro ng Batas na hindi kumilala sa kapangyarihan ni Jesus bilang Anak ng Diyos. Sa Simbahan, ipinagkaloob ni Kristo sa mga pari ang kapangyarihang magpatawad ng kasalanan sa Sakramento ng Kumpisal, upang maibalik ang ating pakikiisa sa Diyos at sa Komunidad.

Tulad ng mga tumulong sa paralitiko, kailangan natin ang pananampalataya upang maranasan ang kapatawaran at kagalingan. Inuna ni Jesus ang pagpapatawad—sapagkat nagsisimula sa puso, ang tunay na kagalingan

Pagdiriwang

Ama, salamat sa Sakramento ng Kumpisal, na nagbibigay ng kapayapaang dulot ng kapatawaran ng aming mga kasalanan. Nawa manalig kami sa Inyo, upang mapatawad ang aming kasalanan, at makapag-patawad lagi ng kasalanan ng kapwa sa amin.

UNANG LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

San Antonio, abad

Salmo 21:2-3, 4-5, 6-7

Poon, ang bigay mong lakas,
sa hari'y nagpapagalak.



Sabado
17 ENERO

Unang Pagbasa:

1 Samuel 9:1-4, 17-19; 10:1*

May isang lalaki sa tribu ng Benjamin na Kish ang pangalan. (...) May anak na lalaki si Kish na nagnangalang Saul, isang binatang walang kasingkisig sa mga Israelita, higit na matangkad mula balikang hanggang ulo sa lahat ng tao. Nawawala noon ang mga asno ni Kish na ama ni Saul. At sinabi ni Kish sa kanyang anak na si Saul: "Isama mo ang isa sa mga utusan at umalis kayo at hanapin ang mga asno." (...) Nang makita ni Samuel si Saul, sinabi ni Yawe sa kanya: "Hayan ang lalaking sinabi ko sa iyo! Ito ang mamumuno sa aking bayan."

Nilapitan ni Saul si Samuel sa may pintuan at sinabi: "Pakisabi naman ninyo sa akin kung nasaan ang bahay ng manghuhula?" Sumagot si Samuel: "Ako ang manghuhula. Magpauna ka sa akin sa altar sa burol. Makikisalo ka ngayon sa akin. Pauwiin kita kinaumagahan at sasabihin ko sa iyo ang lahat ng laman ng iyang puso."

Kumuha pagkatapos si Samuel ng isang boteng langis at ibinuhos iyon sa ulo ni Saul, at hinalikan at sinabi: "Si Yawe ang nagpahid sa iyo bilang pinuno ng kanyang bayang Israel."

Pamumunuan mo ang bayan ni Yawe at iligtag sila sa kapangyarihan ng kanilang mga kaaway sa paligid. At ito ang magiging tanda para sa iyo na si Yawe mismo ang siyang nagpahid sa iyo.

Ebanghelyo: Marcos 2:13-17

Muli siyang pumunta sa tabing-dagat at lumapit din sa kanya ang lahat. Kaya nagturo siya sa kanila. Nakita naman niya sa paglalakad si Levi na anak ni Alfeo, na nakaupo sa singilan ng buwis at sinabi niya rito: "Sumunod ka sa akin." At tumayo ito at sinundan siya.

Habang nanunuluyan naman si Jesus sa bahay ni Levi, maraming tagasingil ng buwis at iba pang makasalanang nakisalo kay Jesus at sa kanyang mga alagad. Talaga ngang marami sila. Ngunit may mga guro ng Batas namang sumusunod sa kanya. Nang makita nila na nasa hapag siya kasama ng mga makasalanang at maniningil ng buwis, sinabi nila sa kanyang mga alagad: "Ano! kumakain siyang kasama ng mga makasalanang at maniningil ng buwis?"

Nang marinig ito ni Jesus, sinabi niya sa kanila: "Hindi ang malulusog ang nanga-ngailangan ng doktor kundi ang mga may-sakit! Hindi ako pumarito para tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanang."

Pagmamasiid

Sa panahon ngayon, sino ang mga taong madalas ituring na 'makasalanang' o 'hindi karapat-dapat'? Paano natin sila tinitingnan?

Paghahawi

Sabi ni Jesus: "Hindi ako pumarito para tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanang."

Pagtatabas

May mga tao ba tayong iniwasan dahil sa kanilang reputasyon o nakaraan?

Pagsasaayos

Itinuturing noon na traydor sa bayan at relihiyon, ang mga maniningil ng buwis dahil nakikipagtulungan sila sa mga Romano. Sa ganitong konteksto, isang malinaw na pahayag ng awa, pakikisalo, at misyon ang pakikisalo ni Jesus sa kanila. Hindi Siya natakot na masira ang Kanyang reputasyon sa mata ng mga relihiyoso. Sa halip, pinili Niya lumapit sa mga taong itinatakwil ng lipunan upang iparamdam ang pag-ibig ng Diyos, sapagkat naparito siya para sa kanila.

Hinahamon tayo na huwag lamang tumulong sa mga "katanggap-tanggap" sa lipunan, kundi tularan si Jesus sa paglapit sa mga taong tinatawag na "makasalanang" mga naliligaw, mga sugatan, mga iniwasan. Sa salita at gawa, maaaring maging tulay din tayo ng awa ng Diyos.

Pagdiriwang

Ama, patnubayan Niyo kami at tungang matularan ang Panginoong Jesus sa Kanyang pakikipag-kapwa.



Ebanghelyo: Mateo 18:1-5, 10, 12-14

Nang panahong iyon, lumapit kay Jesus ang mga alagad at tinanong nila siya: “Sino ang mas una sa kaharian ng Langit?”

Tinawag ni Jesus ang isang maliit na bata at ipinagitna sa kanila, at sinabi: “Sinasabi ko sa inyo na hanggang hindi kayo nagbabago at nagiging katulad ng maliliit na bata hindi kayo makapapasok sa kaharian ng Langit. Ang nagpapakababa gaya ng maliit na batang ito, siya ang pinakamalaki sa kaharian ng Langit. At ang sinumang tumanggap sa batang ito dahil sa aking pangalan ay tumatanggap sa akin.

Huwag sana ninyong hamakin ang isa sa maliliit na ito; talagang sinasabi ko sa inyo na laging nasa harap ng aking Ama sa Langit ang kanilang mga anghel sa Langit.

Ano sa palagay ninyo? Kung may sandang tupa ang isang tao at naligaw ang isa sa mga ito, hindi ba niya iiwan sa kaburulan ang siyamnapu’t siyam para hanapin ang naliligaw? At sinasabi ko sa inyo: Kapag nakita niya ito, mas matutuwa pa siya rito kaysa siyamnapu’t siyam na hindi naligaw. Gayundin naman, ayaw ng inyong Amang nasa Langit na mawala isa man sa maliliit na ito.



“Sinasabi ko sa inyo na hanggang hindi kayo nagbabago at nagiging katulad ng maliliit na bata hindi kayo makapapasok sa kaharian ng Langit.”

Pagmamasisid

Maari bang gawing huwaran natin ang mga bata? Nakikita ba natin sa kanila ang mga katangiang mahalaga sa pananampalataya?

Paghahawi

Payo ni Jesus sa Kanyang mga alagad: “Pabayaang ninyong lumapit sa akin ang mga bata. Sa mga tulad nila ang Kaharian ng Diyos.”

Pagtatabas

Ingagawa pa ba natin ang mga mabubuting ugali natin noong bata tayo?

Pagsasaayos

Karaniwan, sinasabing tayong mga nakakatanda ang dapat maging huwaran ng mga bata. Ngunit malinaw ang paanyaya ni Jesus: ang mga bata ang malapit sa Kanyang puso.

Inosente ang mga bata, masayahin, masunurin, lubos ang tiwala, at hindi nagtatanim ng sama ng loob mga katangiang mahalaga sa pananampalataya.

Sa Kapistahan ng Santo Niño, paanyaya sa atin na muling bumalik sa pagiging bata sa harap ng Diyos, huwag matakot lumapit, huwag mahiya sa ating kahinaan, at huwag magmatigas sa awa.

At tulad ni Jesus, tanggapin natin ang mga tinataboy ng lipunan, sapagkat sa kanila rin naroroon ang liwanag ng Kaharian.

Pagdiriwang

Ama, nawa lagi naming maalaala at matularan ang mga katangian ng mabuting bata, upang makarating din kami sa Iyong Kaharian.



Unang Pagbasa: 1 Samuel 15:16-23*

At sinabi ni Samuel kay Saul: "Tama na! Sasabihin ko sa iyo ang sinabi sa akin ni Yawe kagabi." Sumagot si Saul: "Sabihin mo." At sinabi ni Samuel: "Di ba't naging pinuno ka ng mga tribu ng Israel gayong maliit ang tingin mo sa iyong sarili? Pinahiran ka ni Yawe bilang hari ng Israel. Isinugo ka ni Yawe sa pagsalakay at iniutos sa iyong humayo at ganap na puksain ayon sa anatema ang mga makasalanan, ang mga Amalecita, at labanan sila hanggang malipol. Bakit di ka nakinig sa tinig ni Yawe, at sa halip ay sinunggaban ang mga nasamsam at ginawa ang masama sa mata ni Yawe?"

At sinabi ni Saul kay Samuel: "Sinunod ko ang tinig ni Yawe at tinupad ang kanyang ipinagagawa. Binihag ko si Agag na hari ng Amalek at pinuksa ang mga Amalecita. (...)

Ngunit sinabi ni Samuel: "Nalulugod kaya si Yawe sa mga sinunog na handog at mga sakripisyo gaya ng sa pagsunod sa tinig ni Yawe? Mas mabuti ang pagsunod kaysa sakripisyo, at ang pakikinig kaysa taba ng mga barakong tupa. Gaya ng pagkakasalang panghuhula ang pagsuway, at masamang pagsamba sa mga diyus-diyusan ang katigasan ng ulo. Dahil isinaisantabi mo ang salita ni Yawe, isinaisantabi ka rin niya bilang hari."

Ebanghelyo: Marcos 2:18-22

At minsay nag-aayuno ang mga alagad ni Juan at ang mga Pariseo. Kaya may lumapit sa kanya at nagtanong: "May araw ng ayuno ang mga alagad ni Juan at ang mga alagad ng mga Pariseo, at wala ba namang pag-aayuno ang iyong mga alagad?"

Sinagot sila ni Jesus: "Puwede bang mag-ayuno ang mga abay sa kasalan kapag kasama pa nila ang nobyo? Darating ang panahon na kukunin sa kanila ang nobyo; sa araw na iyon sila mag-aayuno.

Walang nagtatagpi ng piraso ng bagong tela sa lumang damit. Kung gagawin mo ito, hihilahin ng tagpi ang damit, ng bago ang luma at lalo pang lalaki ang punit. At hindi ka rin naman maglalagay ng bagong alak sa mga lumang sisidlan. Kung gagawin mo ito, papuputukin ng alak ang mga sisidlan at masisira ang alak pati na ang mga sisidlan. Sa bagong sisidlan ang bagong alak!"

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Danilo P. Pajarillaga

Pagmamasid

Gumamit ba kayo ng bagong tela na pangtagpi? Ano ang nangyari?

Paghahawi

Winika ni Jesus: "Walang nagtatagpi ng piraso ng bagong tela sa lumang damit. Hihilahin ng bago ang luma. Lalaki ang punit."

Pagtatabas

Ginagawa ko bang pangtagpi lamang ang ilang turo ni Jesus sa mga punit ng aking dating kaalaman?

Pagsasaayos

Nais ni Jesus na iwaksi ng mga Judio ang dating kaalaman na taliwas sa Kanyang bagong turo, kaysa gawin itong pangtagpi lamang. Isang halimbawa ang higit na 600 Batas sa Torah, unang limang aklat sa Lumang Tipan ng Bibliya. Madaling tandaan ang sampung bagong utos ni Jesus. Ginawa Niya itong dalawa: Lubos na pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa kapwa tulad ng sarili.

Pag-aralan at isabuhay natin ang lahat na turo at aral ni Jesus sa Bagong Tipan ng Bibliya. Ipaliit natin ito sa lumang taliwas na kaalamang espirituwal.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Ninyo kaming maunawaan at maisabuhay ang lahat ng mga turo at aral ni Jesus, upang mapalitan ang lumang kaalaman at gawi namin na hindi ayon sa Inyong Kalooban.

IKA-2 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Pula)

San Fabian / San Sebastian

Salmo 89:20, 21-22, 27-28

Si David na aking lingkod
ang hirang kong ibinukod.



Martes
20 ENERO

Unang Pagbasa: 1 Samuel 16:1-13*

Sinabi ni Yawe kay Samuel: “Hanggang kailan mo ipaglululksa si Saul matapos ko siyang isa-isantabi bilang hari ng Israel? Punuin mo ng langis ang sungay na iyong sisidlan, gusto kong puntahan mo si Jese na taga-Betlehem sapagkat pinili ko ang isa sa kanyang mga anak na lalaki para maging hari ko.” (...) Ginawa nga ni Samuel ang iniutos ni Yawe. (...) Nang dumating sila, nakita ni Samuel si Eliab, at inisip niyang “Tiyak na ito na ang pinahiran ni Yawe.” Ngunit sinabi ni Yawe kay Samuel: “Huwag mong tingnan ang kanyang itsura o taas, sapagkat isinaisantabi ko siya. Di pareho sa tingin ng tao ang tingin ni Yawe. Nakakakita ang tao sa pamamagitan ng kanyang mata pero ang puso ang nakikita ni Yawe.” (...)

Kaya itinanong ni Samuel kay Jese: “Ito na bang lahat ang iyong mga binata?” Sumagot si Jese: “Mayroon pang pinakabunso, at siya ang nag-aalaga sa kawan ngayon.” Sinabi ni Samuel: “Ipatawag mo siya at dalhin sa akin sapagkat hindi tayo dudulog sa hapag para kumain hanggang hindi siya dumarating.” Kaya ipinasundo ito ni Jese at dinala kay Samuel. Mamula-mula siya, may magagandang mata at guwapo. At sinabi ni Yawe: “Sige, pahiran mo

siya ng langis sapagkat ito na nga siya.” Kinuha ni Samuel ang sungay ng langis at pinahiran siya sa harap ng kanyang mga kapatid. Mula sa araw na iyon, nagsimulang gumawa kay David ang Espiritu ni Yawe. At pagkatapos, nagpunta si Samuel sa Rama.

Ebanghelyo: Marcos 2:23-28

Naglacad si Jesus sa mga taniman ng trigo minsang Araw ng Pahinga. At habang naglalacad ang kanyang mga alagad, sinimulan nilang alisin sa uhay ang mga butil, at kinain iyon. At sinabi kay Jesus ng mga Pariseo: “Tingnan mo ang ginagawa nila sa Araw ng Pahinga. Hindi ito ipinahihintulot.” Ngunit sumagot si Jesus: “Hindi ba ninyo nabasa kailanman ang ginawa ni David nang nangangailangan siya at nagugutom – siya at ang kanyang mga kasama? Pumasok siya sa bahay ng Diyos nang si Abiatar ang Punong-pari, at kinain ang tinapay na inihain para sa Diyos gayong bawal ito kaninuman liban sa mga pari, at binigyan pa niya pati na ang kanyang mga kasama.” At sinabi pa sa kanila ni Jesus: “Dahil sa tao kaya ginawa ang Araw ng Pahinga ngunit hindi ang tao dahil sa Araw ng Pahinga. Kung gayon, ang Anak ng Tao ang Panginoon kahit na ng Araw ng Pahinga.”

BIRTHDAY: Rev. Fr. Ramon Mikhail Paulo E. Nicdao

Pagmamasiid

Ano ang ginagawa mo sa mga araw ng pahinga, bukod sa pagpapahinga? Araw mo ba ng paglapit sa Diyos, o araw lamang ng pahinga mula sa trabaho?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: “Dahil sa tao kaya ginawa ang Araw ng Pahinga, ngunit hindi ang tao dahil sa Araw ng Pahinga.”

Pagtatabas

Ano ang karaniwang ginagawa mo sa Linggo, ang ating Araw ng Pahinga?


Pagsasaayos

Marami ang nagsasaya kasama ang mga mahal sa buhay sa Araw ng Pahinga. Isa sa sampung utos ng Diyos na gawin nating banal ang Araw Niya, ang Araw ng Pahinga. Kaya ang payo ng ating Simbahan, dumalo tayo sa Misa sa Linggo o gabi ng Sabado, upang mapalapit tayo sa Kanya.

Makakabuti rin sa ating buhay espiritual na alalahanin ang ating mga kapwa na nangangailan ng tulong, respeto, at pagmamahal ng Diyos. May mga pamilya na tumutulong sa pagbigay sa kanila ng pagkain, ayuda, at katesismo o aral tungkol kay Jesus na nagpakilala kung sino at ano ang Ama sa ating buhay.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, turuan Niyo kaming makilala pa ang Ama sa Inyong mga aral at turo.



**IKA-2 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 2 / (Pula)
Santa Agnes

Salmo 144:1b, 2, 9-10
*Ang Poon ay papurihan,
siya ang aking sanggalang.*

Unang Pagbasa:
1 Samuel 17:32-33, 37, 40-51*

Ebanghelyo: Marcos 3:1-6

Muling pumasok si Jesus sa sinagoga, at naron ang isang lalaki na hindi maigalaw ang kamay, at mayroon ding gustong magsumbong tungkol kay Jesus. Kaya nagmasid sila at baka pagalingin siya ni Jesus sa Araw ng Pahinga.

At sinabi naman niya sa taong hindi maigalaw ang kamay: "Tumindig ka sa gitna." At saka niya sila tinanong: "Ano ang ipinahihintulot sa Araw ng Pahinga, gumawa ng mabuti o gumawa ng masama, magligtas ng buhay o pumatay?" At di sila umimik.

Nalungkot si Jesus dahil sa katigasan ng kanilang puso kaya galit niyang tiningnan silang lahat, at sinabi sa lalaki: "Lumat mo ang iyong kamay." Iniunat nga ng tao ang kamay at gumaling ito. Pagkalabas ng mga Pariseo, nakipagtipon sila sa mga kakampi ni Herodes para masiraan nila siya.

PARISH FIESTA:

Sto. Niño De Congreso Parish | St. Agnes Parish | Sto. Niño de Bagong Silang Parish

Pagmamasid

May mga batas ang Diyos na literal ang ating pagkaunawa minsan, sinusunod natin ito nang walang puso, nang hindi nauunawaan ang diwa ng pag-ibig na nasa likod nito.

Paghahawi

Tanong ni Hesus, "Ano ang ipinahihintulot sa Araw ng Pahinga, gumawa ng mabuti o gumawa ng masama, magligtas ng buhay o pumatay?" At di sila umimik.

Pagtatabas

Tulad ng mga Pariseo, nananatili ba tayong tahimik sa harap ng pagdurusa ng iba?

Pagsasaayos

Sa Ebanghelyo, hindi si Jesus natakot sa mga mapanuri. Sa halip, pinagaling Niya ang lalaking tuyot ang kamay isang gawaing nagpapakita ng tunay na diwa ng Araw ng Pahinga: pagpapagaling, pagkalinga, at pag-ibig.

Isang huwaran si Santa Agnes sa pagsunod sa batas ng Diyos na may buong puso.

Sa murang edad, pinili niyang manatiling tapat sa Panginoon, kahit pa salungat ito sa batas ng lipunan at nagbunsod ng kanyang kamatayan. Higit sa batas ng tao ang batas ng pag-ibig, patunay dito ang buhay ni Jesus.

Pagdiriwang

Panginoon, turuan Ninyo kaming sumunod sa diwa ng lyong pag-ibig. Tulad ni Santa Agnes, nawa'y maging matatag kami sa pananampalataya, at maging bukas-palad sa awa. Sa bawat araw, gawin Ninyo kaming kasangkapan ng Inyong pagpapagaling. Amen.

IKa-2 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Puti)

Araw ng Panalangin para sa Pangangalaga ng mga hindi pa isinilang ng mga Sanggol.

Salmo 56:2-3, 9-10a, 10b-11, 12-13

May tiwala ako sa D'yos, hindi ako matatakot.



Unang Pagbasa:

1 Samuel 18:6-9; 19:1-7*

Nang bumalik sila matapos patayin ni David ang Pilisteo, naglabasan ang mga babae sa lahat ng lunsod ng Israel para salubungin si Haring Saul nang may awitan at sayawan, may masasayang kantahan, may mga tamburin at alpa. At inawit ng mga babaeng nagkakasayahan: *"Napatay ni Saul ang kanyang libu-libo, at ni David naman ang kanyang laksa-laksa."* Lubha itong ikinagalit at minasama ni Saul, at sinabi: *"Kay David nila ibinigay ang laksa-laksa pero libu-libo lamang ang sa akin! Ang paghahari na lamang ang wala sa kanya."* Mula noon, sumama na ang tingin ni Saul kay David. (...)

Ebanghelyo: Marcos 3:7-12

Kaya lumayo si Jesus na kasama ang kanyang mga alagad papunta sa dagat. Maraming taga-Galilea ang sumunod sa kanya.

Mayroon din namang mga taong galing sa Judea at Jerusalem, at sa Idumea at sa kabilang ibayo ng Jordan, at sa Tiro at Sidon. Maraming-marami ang nagpunta sa kanya nang mabalitaan nila ang lahat niyang ginagawa.

Kaya tinagubilinan niya ang kanyang mga alagad na ihanda ang isang bangka para sa kanya dahil maraming tao, at baka nila siya maipit. Marami na siyang pinagaling kaya pilit siyang inaabot ng lahat ng may karamdaman para mahipo siya. Sinusugod siya ng mga inaalihan ng maruruming espiritu pagkakita sa kanya at pasigaw nilang sinasabi: *"Ikaw ang Anak ng Diyos."*

Ngunit tinagubilinan niya silang huwag siyang ibunyag.

Pagmamasiid

Sa ating kapaligiran ngayon, kapansin-pansin ang pagdami ng mga banta sa buhay, mula sa karamdaman, kahirapan, kapabayaang. Sa gitna ng mga ito, nakikilala ba natin si Hesus, ang Anak ng Diyos?

Paghahawi

Sa Ebanghelyo makikita natin ang mga tao na dumagsa kay Jesus mga maysakit, mga inaalihan ng maruruming espiritu, mga naghahanap ng kagalingan. Sa gitna ng kaguluhan, ang mga maruruming espiritu ang siyang sumisigaw: *"Ikaw ang Anak ng Diyos!"*

Pagtatabas

Mahalaga bang kilala natin si Hesus, ang Anak ng Diyos?

Pagsasaayos


Kinikilala ng masamang espiritu ang kapangyarihan ni Hesus at napaalis sila sa presensya Niya. Ngunit hindi bunga ng pananampalataya ang pagkilalang ito, kundi ng takot. Dapat magbunga ng pagsunod sa kalooban ng Diyos ang tunay na pagkilala kay Jesus bilang Anak ng Diyos lalo na sa utos na pangalagaan ang buhay.

Kung napapaalis sa presensya ni Jesus ang maruruming espiritu, dapat ding mapalayas sa pamilya ang mga espiritu ng pag-abandona sa buhay at kawalan ng pananampalataya.

Ngayong Linggo, Araw ng Panalangin para sa Pangangalaga ng mga hindi pa isinilang ng mga Sanggol, ipanalangin natin ang kanilang mga magulang sa pagwawalang-bahala sa sanggol sa kanilang sinapupunan.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa kapangyarihan ng Panginoong Jesus at mga alagad Niya na lubos ang pananampalataya, na magpaalis ng maruruming espiritu sa tao.



**IKA-2 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Pula/Puti)

*San Vicente ng Zaragoza /
Santa Marianne Cope*

Salmo 57:2, 3-4, 6 at 11

Poon, kami'y kaawaan, at lagi mong kahabagan.

Unang Pagbasa: 1 Samuel 24:3-21*

(...) Kumilos si David at lihim na ginupit ang laylayan ng kapa ni Saul. Ngunit kinonsiyensya si David sa pagkakagupit niya sa laylayan ng kapa ni Saul, at sinabi niya sa kanyang mga tauhan: "Huwag sanang ipahintulot ni Yawe na gawin ko ang bagay na ito sa aking panginoon na pinahiran ni Yawe. Hindi ko siya maaaring pagbuhatan ng kamay sapagkat siya ang pinahiran ni Yawe." (...) At sinabi niya kay Saul: "Bakit kayo nakikinig sa sabi-sabi ng mga tao na hangad raw ni David ang inyong kapahamakan? Nakita ng inyong mga mata sa araw na ito na inilagay kayo ni Yawe sa aking mga kamay sa yungib. May nagsabi sa aking patayin na kayo ngunit naawa ako sa inyo at sinabi kong hindi ko mapagbubuhatan ng kamay ang aking panginoon na siyang pinahiran ni Yawe. (...) Makikita ninyong wala akong hangad na masama sa inyo o pagtaksilan kayo. Wala akong nagagawang mali sa inyo ngunit pinaghahanap ninyo ako para patayin.

(...) Matapos magsalita ni David, sinabi ni Saul: "Iyan ba ang boses mo, David, anak ko?" At malakas na umiyak si Saul at sinabi kay David:

"Tama ka at mali ako sapagkat ginantihan mo ng kabutihang-loob ang kasamaang ginawa ko sa iyo. Ipinakita mo sa araw na ito ang iyong kabutihan na ginawa mo sa akin. (...) Gantimpalaan ka nawang mabuti ni Yawe dahil sa ginawa mo sa akin sa araw na ito. Natitiyak ko na ngayon na ikaw nga ang maghahari sa Israel at sa iyong mga kamay magiging matatag ang kaharian ng Israel.

Ebanghelyo: Marcos 3:13-19

At umakyat si Jesus sa burol at tinawag ang mga gusto niya. At lumapit sila sa kanya. Sa gayon niya hinirang ang Labindalawa (na tinawag din niyang Mga Apostol) upang makasama niya at maipadala sila para mangaral at magkaroon ng kapangyarihan para palayasin ang mga demonyo.

Kaya itinalaga niya ang Labindalawa at tinawag na Pedro si Simon, at si Jaime na anak ni Zebedeo, at ang kapatid nitong si Juan, at tinawag niya silang Boanerges, na ang ibig sabih'y "Sina-Parang-Kulog"; at saka si Andres, at si Felipe, si Bartolome, si Mateo, si Tomas, si Jaimeng anak ni Alfeo, at si Tadeo, si Simong Kananeo, at si Judas Iskariote na magkakanulo sa kanya.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Tristan Jasper D. Laforteza

Pagmamasad

Sa ating buhay, sino ang tumatawag sa atin? At sino ang pinipili nating samahan?

Paghahawi

Hinirang ni Jesus ang labindalawang Apostol upang makasama at maipadala sila para mangaral at magkaroon ng kapangyarihang magpalayas ng demonyo.

Pagtatabas

Tumutugon ba tayo sa tawag ni Jesus upang makasama Siya?

O mas abala tayo sa gawain kaysa sa pakikipag-ugnayan sa Kanya?

Pagsasaayos

Patuloy na tinatawag ni Jesus ang Simbahan upang mangaral, magpagaling, at magpalayas ng kasamaan. May bahagi sa misyon na ito ang bawat Kristiyano, sa kanilang pamilya, sa trabaho at sa pamayanan.

Ngunit hindi natin ito magagawa kung hindi muna tayo makipag-ugnayan kay Jesus, makikinig sa Kanyang Salita, at magpapalalim sa panalangin.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa pagtawag Mo sa amin upang makasama Ka. Tulungan Mo kaming maging tapat sa aming misyon mangaral, magmahal, at magpalaya. Gawin Mo kaming mga alagad na hindi lamang gumagawa, kundi tunay na nakikiisa sa Iyong puso. Amen.

IKA-2 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

San Francisco de Sales

Salmo 80:2-3, 5-7

Poon, kami'y 'yong iligtas
at tanglawan ng 'yong sinag.



Sabado
24 ENERO

Unang Pagbasa:

2 Samuel 1:1-4, 11-12, 19, 23-27

Patay na si Saul. Nagbalik naman si David matapos lupigin ang mga Amalecita. Dalawang araw na si David sa Siklag nang sa ikatlong araw, may dumating na lalaki mula sa kampo ni Saul warak ang damit at may alikabok sa ulo. Pinuntahan niya si David at nagpatirapa bilang pagpupugay. Tinanong siya ni David: "Saan ka galing?" At sumagot siya: "Nakatakas ako sa kampo ng Israel." At sinabi ni David: "Ano'ng nangyari? Sabihin mo sa 'kin." At sinabi niya: "Tumakas ang mga tao mula sa labanan, marami ang nabuwal at namatay. Patay na rin si Saul at si Yonatan na kanyang anak."

Hinawakan ni David ang kanyang damit at winarak, at gayundin ang ginawa ng kanyang mga tauhan. At nagluksa sila, nanangis at nag-ayuno hanggang kinagabihan dahil nabuwal sa tabak si Saul at si Yonatang anak niya at ang bayan ng Juda at ang sambahayan ng Israel.

"Pinaslang sa iyong kabundukan ang ikinararangal ng Israel! Nabuwal nga ang magigiting! Saul at Yonatan, minahal at kinagiliwan, hindi nagkalayo sa buhay man o kamatayan. Maliksi pa sa mga agila, malakas pa sa mga leon.

O mga dalaga ng Israel, iyakan si Saul, binihnan niya kayo ng lugod at pulang damit, ginayakan ng gintong palamuti ang iyong mga suot. At nangabuwal ang magigiting sa gitna ng labanan, pinatay si Yonatan sa iyong kabundukan. Ako'y namimighati dahil sa iyo, Yonatan na aking kapatid, lubos kitang kinagiliwan! Pagmamahal mo sa aki'y kahanga-hanga, higit pa sa pag-ibig ng mga babae. Nangabuwal ang magigiting at napuksa, mga sandata ng digmaan!"

Ebanghelyo: Marcos 3:20-21

Pagkauwi ni Jesus, nagsidating ang mga tao kayat hindi na sila nakakain. Nang mabalitaan ito ng kanyang mga kamag-anak, lumabas sila para hulihin siya. Sinasabi nga nilang "Nababaliw siya."

Pagmamasiid

Nasabihan ka na ba na nababaliw ka sa iyong ginagawa? Bakit?

Paghahawi

Pagkauwi ni Jesus, nagsidating ang mga tao, kayat hindi na sila nakakain. Nang mabalitaan ito ng kanyang kamag-anak, lumabas sila para hulihin siya. Sabi nila na nababaliw siya.

Pagtatabas

Kung kamag-anak ako ni Jesus, iisipin ko rin na ba na nababaliw siya, at sasamang hulihin siya?

Pagsasaayos

Kung minsan, hindi nauunawaan ng mahal natin sa buhay ang ginagawa at sakripisyo natin para sa ibang tao. Kailangan lang ipaliwanag sa kanila upang magkaunawaan.

Kahit may balakid, huwag tayong mawalan ng pag-asa. Malalampasan ang mga pagsubok, kapag kasama si Jesus sa gawaing ayon sa kalooban ng Diyos.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, Kayo ang aming huwaran sa pagtupad ng aming misyong galing sa Ama.

At magmula noon, sinimulang ipahayag ni Jesus ang kanyang mensahe: “Magbagong-buhay; lumapit na nga ang Kaharian ng Langit.”

Sa paglalakad ni Jesus sa pampang ng lawa ng Galilea, nakita niya ang magkapatid na Simon na tinawag na Pedro at Andres na naghahagis ng mga lambat dahil mga mangingisda sila. Sinabi niya sa kanila: “Halikayo, sumunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mangingisda ng tao.”

Agad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya.

Nagpatuloy siya sa paglakad at nakita naman niya ang magkapatid na Jaime at Juan na mga anak ni Zebedeo. Nasa bangka sila kasama ng kanilang amang si Zebedeo at nagsusursi ng kanilang lambat. Tinawag sila ni Jesus. Agad nilang iniwan ang bangka nila at ang kanilang ama, at nagsimulang sumunod sa kanya.

Nagsimulang maglibot si Jesus sa buong Galilea. Nagturo siya sa kanilang mga sinagoga, ipinahayag ang Mabuting Balita ng Kaharian at pinagaling ang kung anu-anong klase ng sakit at kapansanan ng mga tao.



“Magbagong-buhay; lumapit na nga ang Kaharian ng Langit.”

EPISCOPAL ANNIVERSARY: Most Rev. Antonio R. Tobias, D.D (Bishop Emeritus)

PARISH FIESTA: Santuario di San Paolo St. Paul the Apostle Parish and Shrine for the New Evangelization

DATE OF ESTABLISHMENT: 1991, Kristong Hari Parish: Shrine of the Youth

Pagmamasiid

Naiwanan mo na ba ang magulang mo upang sumama sa iba?

Paghahawi

Agad iniwan ng mga tinawag ni Jesus ang kanilang lambat, kabuhayan, at ama upang sumunod sa Kanya.

Pagtatabas

Magagawa ko rin ba ang ginawa ng mga tinawag ni Jesus na sumunod sa Kanya?

Pagsasaayos

Kahanga-hanga ang ginawang pag-iwan agad ng kabuhayan at ama na hindi tumutol, ng mga tinawag ni Jesus na sumunod sa Kanya. Malakas at di matanggihan ang mabuting tawag ni Jesus. Marahil, marami sa atin ang mag-iisip muna dahil sa pamilya o hanap-buhay na hindi maiwanan.

Ang magpapari o magmamadre, binibigyan ng sapat na panahon, upang pag-isipan kung kaya nila o karapat-dapat sila sa bokasyon ng pag-aalay ng buong sarili sa paglilingkod sa Diyos. Marami sa layko ang pagsasabayin ang bokasyon ng pamilya at paglilingkod sa Simbahan.

Pagdiriwang

Ama, gabayan Niyo kami, anumang uri ang pagsunod namin sa Panginoong Jesus.



**IKA-3 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

San Timoteo at San Tito

Salmo 96:1-2a, 2b-3, 7-8a, 10

*Umawit sa D'yos ng awa,
ang gawain N'ya'y dakila.*

**Unang Pagbasa: 2 Timoteo 1:1-8*
(o Tito 1:1-5)**

(...) Nagpapasalamat ako sa Diyos na pinag-
lilingkuran ko nang may malinis na budhi gaya
ng aking mga ninuno, habang walang tigil
kitang ipinagdarasal araw-gabi. Naaalaala ko
ang iyong mga luha at nananabik akong makita
ka upang mapuspos ang aking tuwa. Inaalaala
ko ang tapat mong pananampalataya na siya na
ngang pananampalataya ng iyong Lola Lois, at
ni Eunice na iyong ina, at tiyak kong sumasaiyo
rin. Kaya ipinaalaala ko sa iyo na papag-alabin
mo ang kaloob (o karisma) ng Diyos na sumaiyo
sa pagpapatong ng aking mga kamay. Hindi
nga espiritu ng pagkatakot ang ibinigay sa atin
ng Diyos, kundi ng kapangyarihan, pag-ibig
at pagtitimpi. Kaya huwag mong ikahiya ang
patotoo ng ating Panginoon ni ako mismo na
bilanggo para sa kanya. Sa halip, makibahagi ka
rin sa mahirap na gawaing pang-Ebanghelyo
sa tulong ng lakas ng Diyos.

Ebanghelyo: Marcos 3:22-30

May dumating namang mga guro ng Batas
na galing sa Jerusalem, at sinabi nila:
"Sumasakanya si Beelzebul at sa tulong ng
pinuno ng mga demonyo siya nagpapalayas
sa mga ito."

Tinawag sila ni Jesus at nagsalita sa
talinhaga: "Puwede bang Satanas ang mag-
palayas sa Satanas? Kung may pagkakahati-hati
ang isang kaharian, hindi na makatatayo ang
kahariang iyon. At kung may sambahayang
nagkakahati-hati, hindi na makatatayo ang
sambahayang iyon. At kung si Satanas ang
lumalaban sa kanyang sarili at nagkakahati-
hati, hindi na siya makatatayo kundi malapit
na ang wakas niya. Walang makapapasok sa
bahay ni Malakas at makaagaw sa lahat niyang
mga gamit kung hindi muna itatali si Malakas.
Saka lamang niya masasaid ang lahat ng ari-
arian nito.

Sinasabi ko sa inyo: patatawarin ang mga
anak ng tao sa lahat sa kanilang mga kasalanan
at pati sa kanilang mga paglait sa Diyos kahit
na marami man ang mga paglait nila sa Diyos.
Ngunit kung may magsalita laban sa Espiritu
Santo, kailanma'y di siya mapapatawad;
kasalanang walang hanggan ang nasa kanya."
Ang pagsasabi nilang may masamang espiritu
siya ang tinutukoy ni Jesus.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Adrian E. Lazo

Pagmamasid

Ano ang iyong mararamdaman kapag nilalait ang miyembro ng iyong pamilya?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga guro ng Batas na galing Jerusalem: "...kung may magsalita laban sa Espiritu Santo, kailanman hindi siya mapapatawad. Kasalanang walang hanggan ang nasa kanya."

Pagtatabas

Bakit kaya walang kapatawaran ang magsalita laban sa Espiritu Santo?

Pagsasaayos

Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ang tatlong persona ng iisang Diyos. Ang Espiritu Santo ang pagmamahal ng Diyos Ama at Anak sa isat-isa. Dahil sila iisa, ang salitang laban sa Banal na Espiritu, laban din sa Diyos Ama at Anak. Kapag nilait ang kapamilya natin, kadalasan, kung hindi lagi, nasasaktan din tayo.

Pagdiriwang

Laging purihin, sambahin, at humingi ng patnubay sa Espiritu Santo, sa halip na magsalita nang laban sa Kanya.

IKa-3 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)

Santa Angela Merici

Salmo 24:7, 8, 9, 10

Sino ang haring dakila?

Siya'y ang D'yos na Lumikha.



Unang Pagbasa:

2 Samuel 6:12b-15, 17-19

Kaya lumusong si David at masayang iniahon sa Lunsod ni David ang Kaban ng Diyos mula sa bahay ni Obed-Edom. Nakaanim na hakbang pa lamang ang mga may dala sa Kaban ni Yawe, naghandog na siya ng isang toro at isang pinatabang guya.

Buong lakas na sumasayaw si David na nakaefod na linen sa harap ni Yawe habang dala niya at ng buong sambahayan ng Israel ang Kaban ni Yawe sa gitna ng hiyawan at tunog ng trumpeta.

Ipinasok nila ang Kaban ni Yawe at inilapag sa lugar nito sa toldang sadyang ipinatayo ni David para rito. At nag-alay si David sa harap ni Yawe ng mga sinunog na handog at mga hain sa mabuting pagsasamahan. Nang matapos ang paghahandog, pinagpala niya ang bayan sa Ngalan ni Yawe ng mga

Hukbo. At ipinamahagi niya sa buong bayan, sa bawat lalaki at babaeng Israelita ang tig-isang tinapay, isang hiwa ng inihaw na guya at bibingkang pasas. At nagsiuwi ang lahat sa kani-kanilang tahanan.

Ebanghelyo: Marcos 3:31-35

Dumating naman ang kanyang ina at ang kanyang mga kapatid; nakatayo sila sa labas at ipinatawag siya. Nakaupo si Jesus at napapaligiran ng mga tao nang may magsabi sa kanya: "Nasa labas ang iyong ina at mga kapatid; hinahanap ka nila." At sinabi ni Jesus sa kanila: "Sino ang aking ina at mga kapatid?"

At pagtingin niya sa mga nakaupo sa paligid niya ay kanyang sinabi: "Narito ang aking ina at mga kapatid. Kapatid kong lalaki at kapatid na babae at ina rin ang sumusunod sa kalooban ng Diyos."

Pagmamasid

Kapag tinatanong ako kung sino ang aking ina at mga kapatid, sinasabi ko agad ang mga pangalan nila.

Paghahawi

Nang sinabihan si Jesus na nasa labas ang Kanyang ina at mga kapatid, at hinahanap Siya, tinanong Niya ang mga tao kung sino ang Kanyang ina at mga kapatid. Sagot ni Jesus na naroon sila, at dagdag Niya: "Ang kapatid kong lalaki at babae, at ina rin, ang sumusunod sa kalooban ng Diyos."

Pagtatabas

Bakit hindi ko naisip na sabihin din ang sagot ni Jesus?

Pagsasaayos

Napakataas ng kabanalan ni Jesus, anak at sugo ng Diyos. Bilang mga anak din ng Diyos, sikapin din nating ituring na lahat ng mga sumusunod sa Kalooban ng Ama, mga kapatid din natin sa iisang Ama.

Pagdiriwang

Ama naming mapagmahal, turuan Mo kaming tanggapin at mahalín ang bawat tagasunod ng Iyong kalooban bilang tunay naming mga kapatid sa pananampalataya.

Nawa'y matuto kaming tumingin sa kanila nang may paggalang at malasakit, tulad ng pagturing sa kanila ng aming masunurin at mapagmahal na Kapatid na si Jesus.

Gawin Mo kaming bukas-loob na tagapaglingkod ng Iyong pag-ibig at pagkakaisa. Amen.



IKA-3 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

Santo Tomas de Aquino

Salmo 89:4-5, 27-28, 29-30

Sa kaniya mananatili
ang aking pag-ibig lagi.

Unang Pagbasa: 2 Samuel 7:4-17

Ebanghelyo: Marcos 4:1-20*

(...) Sinabi niya sa kanila sa kanyang pagtuturo: "Makinig kayo! Lumabas ang manghahasik para maghasik. Sa kanyang paghahasik, may butong nahulog sa tabi ng daan. Dumating ang mga ibon at kinain ang mga iyon. Nahulog naman ang ibang buto sa batuhan at mababaw ang lupa roon. Madaling tumubo ang mga buto dahil hindi malalim ang lupa. Ngunit pagsikat ng araw, nasunog ito sa init at sapagkat walang ugat, natuyo ito. Nahulog ang iba pang buto sa mga tinikan. At nang lumago ang mga tinik, sinikil ng mga ito ang halaman at hindi namunga. Nahulog naman ang iba sa matabang lupa at namunga sa paglaki at paglago. May nagbunga ng tatlumpu, animnapu ang iba at sandaan ang iba pa."

At idinagdag ni Jesus: "Makinig ang may tainga!" Nang wala na ang mga tao, tinanong siya ng mga nakapalibot sa kanya, na kasama ng Labindalawa tungkol sa mga talinhaga: "Bakit sa pamamagitan ng mga talinhaga ka nagsasalita sa kanila?" At sinabi sa kanila ni Jesus: "Sa inyo ipinagkakaloob ang lihim ng kaharian ng Langit ngunit sa mga iyon na nasa labas, ang lahat ay sumasapit

gaya ng talinhaga. *Kaya tumitingin sila pero di nakakakita; nakaririnig pero di nakauunawa kaya naman di sila nagbabalik-loob at di pinatatawad."*

At sinabi ni Jesus sa kanila: "Hindi ninyo nauunawaan ang talinhagang ito, kayat paano ninyo mauunawaan ang iba pa? Ang Salita ang inihahasik ng manghahasik. Ang mga nasa tabi ng daan ay ang mga nahasikan ng Salita, na pagkarinig nila sa Salita ay agad na dumating ang Masama at inagaw ang nahasik sa kanila. Gayundin ang nahasik sa batuhan. Pagkarinig nila sa Salita, kaagad nila itong tinanggap nang buong kasiyahan. Ngunit hindi ito nag-ugat sa kanilang kalooban at panandalian lamang. Kapag nagkaroon ng pagsubok at pag-uusig dahil sa Salita, agad-agad silang natitisod.

May iba pang nahasik sa mga tinikan. Ang mga ito ang nakarinig sa Salita. Ngunit pinapasok ang mga ito ng mga makamundong kabalisanhan, ng pandaraya ng kayamanan at ng iba pang mga pagnanasa. Sinikil ng mga ito ang Salita at hindi na nakapagbunga.

Ang mga buto namang nahasik sa matabang lupa ay ang mga nakarinig sa Salita at isinasagawa ito. At nagbunga sila ng sandaan, animnapu o tatlumpu."

Pagmamaisid

Kapag nakarinig ako ng salita na makakabuti sa aking buhay mula sa isang mabuting tao, sinusunod at isinasabuhay ko ba ito?

Ang Salita ang inihahasik sa talinhaga. Ang nasa tabi ng daan, pagkarinig ng Salita, dumating agad ang Masama, at naagaw. Ang nahasik sa batuhan, agad tinanggap ang Salita nang buong kasiyahan. Ngunit hindi nag-ugat sa kanilang kalooban. Sa pagsubok at pag-uusig dahil sa Salita, agad-agad natitisod.

Ang nahasik sa tinikan, pinasok ng makamundong kabalisanhan, pandaraya ng kayamanan, at ibang pagnanasa. Sinikil ang Salita at hindi nagbunga. Ang butong nahasik sa matabang lupa, isinasagawa ang Salita. Nagbunga sila ng sandaan o kaunti.

Pagtatabas

Sa inilarawan na mga nahasikan ng Salita, saan ako kabilang?

Pagsasaayos

Nais kong mapabilang sa matabang lupa na nagsasagawa ng salita ng Diyos at nagbunga kung hindi marami, kahit kaunti. Ito ang pinakamahalagang misyon ng ating buhay, na maipagpatuloy ang ginawang pagtuturo at pangangaral ni Jesus sa lupa, sa ating pamilya, mga kaibigan, kamag-anak, at nakikilala.

Pagdiriwang

Ama, buong pusong inaalay namin sa Inyo, ang pagsasabuhay ng mga salita Niyo, at pagbabagi nito sa aming kapwa.

IKa-3 LINGGO SA KARANIWANG PANAHOON

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian)

Salmo 132:1-2, 3-5, 11, 12, 13-14
*Trono ni David ay laan
sa Manuubos ng tanan.*



Huwebes
29 ENERO

Unang Pagbasa: 2 Samuel 7:18-19, 24-29

At pumasok si David, naupo sa harap ni Yawe at sinabi: “Sino ako, O Panginoong Yawe, at ano ang aking pamilya at dinala mo ako hanggang dito? Subalit napakaliit pa rin nito sa iyong paningin, O Panginoong Yawe, kayat nangako ka pa tungkol sa sambahayan ng iyong lingkod. Ganito ba ang gawi ng tao, O Panginoong Yawe? Itinatag mo at pinatatag ang Israel bilang pinakabayan mo magpakailanman. At ikaw, Yawe, ang naging Diyos nila.

Ngayon, O Yaweng Diyos, tuparin mo magpakailanman ang pangakong binitiwang mo tungkol sa iyong lingkod at sa kanyang sambahayan, at gawin ang iyong sinabi. Dakilain nawa ang iyong Pangalan magpakailanman sa pagsasabing ‘Si Yawe ng mga Hukbo ang Diyos ng Israel.’ At matatatag sa harap mo ang sambahayan ng iyong lingkod na si David sapagkat ipinahayag mo na ito, O Yawe ng mga Hukbo, Diyos ng Israel, sa iyong lingkod at sinabi sa kanyang ‘Ipagtatayo kita ng isang bahay.’ Kaya naman nagkalakas-loob ang iyong lingkod na manalangin sa iyo nang ganito.

At ngayon, O Panginoong Yawe, ikaw ang Diyos at totoo ang iyong mga salita, at binitiwang mo ang magandang pangakong ito sa iyong lingkod, ikalugod mo nawang pagpalain ang sambahayan ng iyong lingkod upang manatili sa harap mo magpasawalanghanggan. Sapagkat ikaw, O Panginoong Yawe, ang nagsabing pagpapalain magpakailanman sa iyong pagbabasbas ang sambahayan ng iyong lingkod.”

Ebanghelyo: Marcos 4:21-25

At sinabi niya sa kanila: “Dumarating ba ang ilaw para takpan ng salop o para ilagay sa ilalim ng higaan? Hindi! Inilalagay ito sa patungan! Walang nalilihim na di nabubunyag at walang tinatakpan na di malalantad. Makinig ang may tainga!”

At sinabi niya sa kanila: “Isip-isipin ninyo ang inyong naririnig. Sa sukatang ginamit ninyo, susukatin ang para sa inyo at higit pa ang ibibigay sa inyo. Bibigyan pa nga ang meron na ngunit ang wala ay aagawain pa ng anumang nasa kanya.”

Pagmamasiid

Saan nakalagay ang ilawan niyo? Ano ginagawa ng ilaw mo para sa iyo?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga tao: “Ang ilaw inilalagay sa patungan! Walang nalilihim na di nabubunyag at walang tinatakpan na di malalantad... Sa sukatang ginamit ninyo, susukatin ang para sa inyo, at higit pa ang ibibigay sa inyo. Bibigyan pa... ang meron na, ngunit ang wala, aagawain... anumang nasa kanya.”

Pagtatabas

Sa iyong karanasan, may lihim ba na hindi nabubunyag? Bakit aagawan pa ang taong wala kahit ano?

Pagsasaayos

Tinatawag tayong maging lantad na ilaw para sa kapwa. Marami pa rin ang nangangailangan ng liwanag ng Diyos galing sa Ama.

May kasabihan na mabubunyag ang lihim habang buhay o patay na tayo. Katiwala tayo ng lahat na meron tayo, pati na ang buhay at kalusugan natin. Liwanag sa kapwa ang mabuting paggamit ng ipinagkatiwala sa atin.

Unti-unting nawawala sa atin ang anumang biyayang hindi natin ginagamit para sa kabutihan. Itinuturo ni Jesus na mapagbigay ang Diyos higit pa sa inaasahan natin ang Kanyang ipinagkaloob sa mga tapat at mabubuting katiwala ng mga biyayang ipinagkatiwala Niya.

Pagdiriwang

Salamat, Ama, sa Inyong pagtitiwala sa aming bilang katiwala Mo.



Unang Pagbasa:
2 Samuel 11:1-4a, 5-10a, 13-17*

Ebanghelyo: Marcos 4:26-34

At sinabi niya: "Maihahambing ang kaharian ng Diyos sa paghahasik ng isang tao ng buto sa lupa. Tulog man siya o gising, sa gabi o araw, sumisibol ang binhi at lumalago nang hindi niya namamalayan. Nagbubunga ang lupa sa ganang sarili nito: una'y ang usbong, saka ang uhay at ang butil na humihitik sa uhay. At kapag nagbunga na ito, agad siyang *magpapadala ng karit sapagkat sumapit na ang anihan.*"

At sinabi niya: "Sa ano natin maikukumpara ang kaharian ng Diyos? Sa anong talinhaga natin ito maipakikilala? Natutulad ito sa paghahasik ng buto ng mustasa na pinakamaliit sa mga binhing inihahasik sa lupa. Ngunit pagkahasik nito, tumataas ito at lumalaki na higit pa sa lahat ng gulay at nagsasanga nang malaki hanggang *sumilong sa kanyang lilim ang mga ibon ng langit.*"

Itinuro niya sa kanila ang lahat ng ito sa pamamagitan ng mga talinhagang gaya nito ayon sa kakayahan ng kanilang isipan. Hindi siya nagturo sa kanila nang hindi gumagamit ng mga talinhaga. Ngunit nilinaw niya ang lahat sa kanyang mga alagad nang sila-sila na lamang.

Pagmamasid

Meron ka na bang sinimulan na maliit na bagay na lumaki ng lumaki? Ano ito?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus, "Sa ano natin maikukumpara ang kaharian ng Diyos? Natutulad ito sa paghahasik ng buto ng mustasa na pinakamaliit sa mga binhing inihahasik sa lupa. Ngunit pagkahasik nito, tumataas ito at lumalaki na higit pa sa lahat ng gulay at nagsasanga nang malaki hanggang sumilong sa kanyang lilim ang mga ibon ng langit."

Pagtatabas

Paano tayo makakatulong sa pagyabong ng Kaharian ng Diyos sa lupa?

Pagsasaayos

Nagsimula ang Kristiyanismo sa pagtuturo ng maliit na grupo nina Jesus at labindalawang Apostol noong unang siglo. Ngayon, itinuturing ito na pinakamalaking relihiyon sa buong mundo, kasama ang ating Simbahang Katolika. Sa langit ang ganap na Kaharian ng Diyos.

Makakatulong tayo sa pagyabong ng Kaharian ng Diyos sa pamamagitan nang pagiging mabuting katekista tulad ni San Pedro Calungsod, isang Pilipinong Santo. Dumarami rin ang mananampalatayang Kristiyano sa halimbawa ng nagsabuhay ng mga aral ni Jesus at namatay dahil dito.

Maari rin ibahagi nang tapat ang Bagong Tipan ng Bibliya, upang makilala pa ng kapwa si Jesus. Sa Misa makinig tayong mabuti sa ipinahahayag na Ebanghelyo na nagsasaad ng buhay at turo ni Jesus na ipinapaliwanag sa homiliya ng pari.

Pagdiriwang

Salamat, Panginoong Jesus, sa iyong paggabay at pagmamahal sa lahat ng tagasunod Niyo.

IKa-3 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

San Juan Bosco

Salmo 51:12-13, 14-15, 16-17

*Diyos ko, saki'y likhain
tapat na puso't loobin.*



Sabado
31 ENERO

Unang Pagbasa:

2 Samuel 12:1-7a, 10-17*

Ebanghelyo: Marcos 4:35-41

Kinahapunan ng araw na iyon, sinabi niya sa kanila: "Tumawid tayo sa kabilang ibayo." Kaya iniwan nila ang mga tao at namangka silang kasama ni Jesus sa bangkang inuupuan niya. At may iba pang mga bangka na kasabay nila. At nagkaroon ng malakas na ipuipo. Hinampas ng mga alon ang bangka at halos lumubog na samantalang tulog siya sa kutson sa hulihan. Kaya ginising nila siya at sinabi: "Guro, halos mamamatay na tayo at bale-wala sa iyo!"

Pagbangon niya, inutusan niya ang hangin at sinabi sa dagat: "Tahimik, huwag kumibo." Nabawasan ang hangin at nagkaroon ng ganap na kapayapaan. At sinabi niya sa kanila: "Napakatatakot ninyo! Bakit? Wala pa ba kayong paniwala?"

Ngunit lalo silang nasindak at nag-usap-usap: "Sino ito na pati hangin at dagat ay sumusunod sa kanya?"

Pagmamasisid

Anong karanasan ang labis na natakot ka? Anong ginawa mo?

Paghahawi

Namangka ang mga alagad, kasama ni Jesus. Sa malakas na ipu-ipo, hinampas ng alon ang bangka, at halos lumubog, samantalang tulog si Jesus. Ginising nila Siya: "Guro, halos mamamatay na tayo at bale-wala sa iyo!"

Inutusan ni Jesus ang hangin at dagat: "Tahimik, huwag kumibo." Nabawasan ang hangin at nagkaroon ng ganap na kapayapaan. Tanong ni Jesus sa mga alagad: "Napakatatakot ninyo! Wala pa ba kayong paniniwala?"

Pagtatabas

Tulad ba ako ng mga takot na alagad na kulang sa tiwala kay Jesus, kahit na kasama Siya habang hinahampas ng alon ang bangka?

Pagsasaayos

Sa gitna ng panganib, magtiwala tayo sa makapangyarihang Panginoong Jesus. Ililigtas Niya tayo kung kasama natin Siya. Sa haguipit ng alon sa bangka ng ating buhay, magigising si Jesus, hindi dahil sa ating sigaw, kundi dahil sa Kanyang malasakit. Siya mismo ang magpapatahimik sa hangin at dagat, kahit hindi natin sabihin. Magiging payapa ang ating paligid at damdamin kung buong puso nating bibigkasin: "Jesus, nagtitiwala ako sa Inyo."

Pagdiriwang

Ama, nagtitiwala kami na ilalayo Mo kami sa kapahamakan, kung mananalangin kami sa Iyo, at maging maingat sa aming kapaligiran. Amen.